


# *GINOO, IBIG SANA*

## *NAMING MAKITA SI JESUS*

 ...maipabatid sa mga tao kung ano ang sinisikap nating gawin. Ngayon ang sinisikap nating gawin, alalahanin, ay ang makita si Jesus Cristo na talagang naririto hanggang sa ang puso ng bawat mananampalataya ay magtamo na ng kasiglahan, ang kanyang pananampalataya, na siya'y makaaabot at makapanghahawakan sa Diyos, at para sa kung ano ang kanyang pangangailangan. Sapagkat ang lahat ng ating pangangailangan, sa paglalakbay sa buhay na ito, ay na kay Cristo.

<sup>2</sup> Gaya na lamang ng mga punongkahoy n'yo dito. Ang tanging kailangan ng punongkahoy na 'yan... Ito'y isang puno ng mansanas. Naisip n'yo na ba 'yon? Noong wala pang isang pulgada ang taas nito, ang bawat mansanas na mapapasa punongkahoy na iyon ay nandoon na mismo. Sampung daang bushel, kung may ganoon karami; sabihin nang limandaang bushel ng mga mansanas, ang manggagaling mula sa isang puno; lahat ng limandaang bushel ng mga mansanas ay naroon na noong itanim ito. Kung hindi, saan manggagaling ang mga 'yon? Kita n'yo? Kita n'yo? Itanim n'yo lamang ito at pagkatapos ay kinakailangan nito na—kinakailangang sumipsip ng tubig, sipsipin iyon mula sa lupa. At kailangan nitong sumipsip hanggang sa makakuha ito ng higit pa kaysa sa kinakailangan nito, pagkatapos ay inilalabas nito ang mga tangkay, inilalabas ang mga dahon, inilalabas ang mga bulaklak, inilalabas ang mga mansanas. Kita n'yo? Inilalabas ang mga iyon; hindi dinadala ang mga iyon papasok. Inilalabas nito ang mga iyon.

<sup>3</sup> Kaya, diyan, sa akin ay si Cristo ang hindi natutuyong Bukal ng Buhay. At kapag naitanim tayo sa Kanya, ang tanging ginagawa lang natin ay uminom mula sa Bukal na iyan ng Buhay, at ilabas ang lahat ng bagay na kailangan natin sa paglalakbay na ito. Lahat ng mga bagay na kailangan natin, ay nasa Kanya. At tayo ay nakatanim sa Kanya, at sumisipsip mula sa Kanya, at Siya ang hindi natutuyong Bukal ng Buhay.

<sup>4</sup> Magsitayo tayo ngayon, kung maaari sana, sa isang saglit lamang, bilang pagpipitagan, habang binabasa natin ang Salita ng Diyos.

<sup>5</sup> Para sa ating munting teksto ngayong gabi, dahil nalalapit na ang panahon ng Kuwaresma, o ang Biyernes Santo, gusto kong basahin ang isang bahagi ng Ebanghelyo ni San Juan, simula sa ika-12 talata at sa ika-12 kabanata.

*Nang kinabukasan ang isang malaking karamihan . . . nagsiparoon sa pista, pagkabalita nila na si Jesus ay dumarating sa Jerusalem,*

*Ay nagsikuha ng mga palapa ng mga puno ng palma, at nagsilabas na sumalubong sa kaniya, . . . nagsisigawan, Hosanna: Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon na sa makatuwid бага'y ang Hari ng Israel.*

*At si Jesus, pagkasumpong sa isang batang asno, ay sumakay doon; at gaya ng nasusulat,*

*Huwag kang matakot, mga anak na babae ng Sion: narito, ang iyong Hari ay pumaparito sa iyo, na nakasakay sa isang—sa isang anak ng asno.*

*Ang mga bagay na ito ay hindi napagunawa ng kaniyang mga alagad sa . . . simula: nguni't nang si Jesus ay maluwalhati na . . . naalaala nila na ang mga bagay na ito ay sinulat tungkol sa kaniya, at kanilang ginawa ang mga bagay na ito sa kaniya.*

*At ang karamihan ngang kasama niya nang tawagin niya nga si Lazaro . . . sa mga patay, ay siyang nangagpapatotoo.*

*Dahil dito rin naman ang karamihan ay nagsiyaon at sumalubong sa kaniya, sapagka't . . . nabalitaan nila na siyang gumawa ng tandang ito.*

*Ang mga Fariseo nga'y nangagsangusapan, Tingnan ninyo kung paanong kayo'y walang anomang ikapanaig? narito, ang sanglibutan ay sumusunod sa kaniya.*

*Mayroon ngang ilang Griego na nagsiahon sa kapistahan upang magsisamba:*

*Ang mga ito nga'y nagsilapit kay Felipe, na taga Betsaida . . . Galilea, . . . nagsipamanhik sa kaniya, na sinasabi, Ginoo, ibig sana naming makita si Jesus.*

*Lumapit si Felipe at sinabi kay Andres: lumapit si Andres at si Felipe at kanilang sinabi kay Jesus.*

<sup>6</sup> Sinasabi ng Mga Hebreo 13:8 na, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

<sup>7</sup> Iyukod natin ang ating mga ulo habang tayo'y nananalangin. Ngayon, sa taimtim na sandaling ito na nakayukod ang ating mga ulo, matapos na basahin ang Salitang ito, mayroon bang sinumang naririto na gustong maalala sa panalanging ito, at nais na gumawa ang Diyos ng isang bagay para sa inyo sa oras ng pagtitipong ito, o kahit na sa gabing ito mismo? Maaari ba ninyong maipabatid lamang ito, habang itinataas ninyo ang inyong kamay? Mababatid Niya kung ano ang nakapaloob sa pagtaas ng inyong kamay.

<sup>8</sup> Makalangit naming Ama, lumalapit kami ngayon sa Iyong Salita. Lumalapit kami nang may pagpipitagan at may pananalangin, kalakip ng nakayukod na mga ulo at nakayukod na mga puso, sapagkat batid namin na lagi Kang tapat sa Salitang ito. Dalangin namin ngayon na Iyong ihiwalay kami mula sa mga bagay-bagay at mga alalahanin ng buhay sa sanlibutang ito, upang mapaglingkuran Ka namin nang may dalisay at malinis na mga puso, na nahugasan sa Dugo ng Kordero.

<sup>9</sup> Tanong po namin sa Iyo, Panginoon, ito na po kaya ang oras na maaaring may masimulan na isang malaking rebaybal dito sa bahaging ito ng bansa? Kung ito na nga, Panginoon, narito kami upang paglingkuran Ka sa anumang paraan na makakaya namin, at sadyang inilalaan namin ang aming mga sarili sa Iyo, para sa gawaing iyon. At nawa'y may isang bagay na maganap, Panginoon, na magpapaantig sa mga puso ng mga tao. At maaari na ang pagtitipon ay itinakda para lamang sa iilang nakakalat pa rito sa palibot, na maaaring ito na marahil ang huling bahagi ng Katawan ni Cristo na madaragdag dito sa Louisiana, at pagkatapos ang—ang mga pintuan ay isasara na. Hindi po namin alam sadyang kung ano, Panginoon, basta kami ay maingat na kumikilos, binabantayan ang bawat pagkilos.

<sup>10</sup> At dalangin namin, Makalangit na Ama, na Iyong pagagalangin ang lahat ng mga may sakit at karamdaman. Sa pagtunghay ko, na nakaratay dito, ang isang kahabag-habag na munting, batang may karamdaman, at mga taong nakaratay sa palibot, na mga may sakit at nangangailangan. Diyos, tumanaw nawa sila palayo sa kanilang mga karamdaman, ngayong gabi, at hanggang sa darating na buong linggong ito, at nawa'y wala nang mahinang tao sa aming kalagitnaan sa pagtatapos ng pagtitipong ito.

<sup>11</sup> Pagpalain Mo po ang mga ministro, Panginoon, at ang kanilang mainam na pakikipagtulungan, at ang mga bagay na kanilang ginagawa, upang magkasama-sama. Nawa'y mapagtanto ng mga tao na ito'y ang—ang puso ng kanilang—kanilang pastor, ang sikaping ipasok ang lahat ng bagay, at bawat kaloob, at lahat ng kanilang makakaya, na kinikilala ng Diyos, nang sa gayon ay makatulong ito sa kanilang kongregasyon na makakita at magsisampalataya, at magsilago. Ipagkaloob ito, Ama.

<sup>12</sup> Patawarin Mo po kami sa aming mga pagsalangsang. Ipagkaloob ang bawat kahilingan na nakapaloob sa mga kamay na iyan, sa gabing ito. Panginoon, nakataas po ang aking kamay, nalalaman Mo ang puso ko, ang panalangin nito—nito para sa mga tao. Mahayag nawa si Jesus sa aming kalagitnaan, Ama. Pagkalooban Mo po kami ng isang malaking pagbubuhos ng Kanyang mga pagpapala.

<sup>13</sup> At sa pag-alis namin dito, ngayong gabi, masabi nawa naming gaya ng mga iyon na nanggaling sa Emaus, nang araw na iyon matapos ang muling pagkabuhay, habang papasok kami dito sa mga banal na panahon, “Hindi ba’t nag-alab ang ating mga puso sa loob natin,” sabi nila, “habang tayo’y kinakausap Niya sa daan?” Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

<sup>14</sup> Hindi para—para mangaral o gumugol ng malaking oras, kundi para lamang isaayos ang ilang kaunting kaisipan lamang dito ngayon bago tayo magtawag ng pila para sa pananalangin. Sa loob ng mga dalawampu’t limang minuto, sa palagay ko, ay magtatawag na ako ng—ng pila para sa pananalangin, upang manalangin para sa mga maysakit. At ngayon, sa bawat gabi, si Ginoong Borders at sila ay sisikaping maipaliwanag sa inyo kung paano, at kung paano mapanghahawakan ang isang kagalingan, at iba pa.

<sup>15</sup> At, alalahanin, hindi kami naririto upang sikapin lamang na kumatawan sa Makalangit na pagpapagaling. Naririto kami upang kumatawan kay Jesus Cristo, at nasa Kanya ang kagalingan. At ang bawat katangian ng Diyos ay nasa Kanya. At tayo. . . Binili Niya ang ating kaligtasan, ang ating kagalingan, at ang lahat ng mayroon tayo. At ang pagpapagaling ay mas mababang antas, at hinding-hindi mo maaaring gawing pangunahin ang mas mababang antas. Alam natin ’yan. Kaya tayo ay. . . Pero sinisikap nating. . . Ginamit ni Jesus ang mga walumpu’t anim na porsiyento ng Kanyang ministeryo doon sa Makalangit na pagpapagaling, nang sa gayon ay matawag Niya ang pansin ng mga tao, saka ipaliwanag kung ano ang layunin Niya doon. At, ganoon din naman, sinisikap nating ipagpatuloy ang Kanyang ministeryo sa pinakamainam na paraan na nalalaman natin, na nananampalataya na Siya ay nananatili pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>16</sup> Ngayon, alam natin na, “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin.” Samakatwid, ang Diyos at ang Kanyang Salita ay ang siya’t iisa ring bagay. Ito’y ang Diyos na nasa nakatitik na anyo. Hindi ka naiiba sa iyong salita. Hindi naiiba ang Diyos sa Kanyang Salita.

<sup>17</sup> Kaya itong dakilang kapistahan na papadako tayo rito ngayon sa panahong ito, itong Kuwaresma, gaya ng tawag nila dito, at nalalapit na Biyernes Santo, at—at pagkatapos ay ang Linggo ng Pagkabuhay, isang linggo bago ang Linggo ng Pagkabuhay, sa palagay ko. Kaya papadako na tayo rito. Naisip kong basahin ang Kasulatang ito, na itong mga Griyegong nangasasabik ang puso ay nagsiparoon upang sumamba noong

kapistahan ng Paskuwa. At wala silang kaalam-alam na iyon ang Kordero ng Paskuwa, na si Cristo nga.

<sup>18</sup> Subalit nangasabik ang kanilang mga puso. Ibig nila Siyang makita. Napakarami na nilang narinig tungkol sa Kanya, at alam na ang mga dakilang bagay na kanilang narinig ay gawa Niya. At kaya walang duda, sa pagpunta sa kapistahang iyon, marami na marahil silang nabasa sa Kasulatan tungkol sa kung ano Siya, at ang Kanyang—Kanyang kalikasan, at kung ano ang Kanyang gagawin sa pagparito Niya. Kaya gusto nilang makita.

<sup>19</sup> Lumapit sila sa Kanyang mga alagad, at nabigyan sila ng pribilehiyo na makita Siya, sa pamamagitan ng—ng mabuting kalooban at ng ministeryo ng Kanyang mga alagad. Naihatid sila sa Kanyang Presensiya, sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod.

<sup>20</sup> At ngayon kung sinasabi ng Mga Hebreo 13:8, na, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” at sigurado ako na dito sa—sa . . . sa Baton Rouge, na nangasabik tayong makita si Jesus kung paano ang pagkasabik nila na makita Siya noon. Ako . . . Ang bawat tao na nasa kanyang wastong pag-iisip, at makarinig ng tungkol sa Panginoong Jesus, ay kanyang aasaming makita Siya.

<sup>21</sup> Oh, noong una kong marinig ang tungkol sa Kanya, noong bata pa ako, ako—ako—talagang halos hindi ko iyon matagalan. Naisip ko, “Kung Diyos Siya, Siya—Siya ang Diyos noon pa man, Siya—Siya ay mananatiling Diyos kailan pa man.”

<sup>22</sup> Kaya kung susubukan itong ilagay doon sa isang dakilang panahon nang nakaraan, o—o sa isang dakilang panahon na darating, sadyang ganoon ang kalikasan ng tao. Laging pinapupurihan ng tao ang Diyos para sa ginawa Niya, nananabik na nag-aantabay sa kung ano ang gagawin Niya, at di pinapansin kung ano na ang ginagawa Niya. Sadyang kalikasan iyon ng tao. Ganoon na noon pa man, at nananatili pa rin itong ganoon, sa gabing ito.

<sup>23</sup> Ngunit, ngayon, nais Siyang makita ng mga Griyegong ito, at nais natin Siyang makita. Buweno, ngayon, kung Siya’y bumangon mula sa mga patay, at hindi . . . Hindi Siya patay. Buhay Siya. At kung buhay nga Siya, gaya ng ipinapahayag ng Kasulatan na Siya nga, kung gayo’y bakit hindi natin Siya makita? May karapatan tayo na hilingin iyon. Alalahanin, sinabi Niya, “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Gayunman, inyong makikita Ako, sapagkat Ako ay sasainyo, sa inyo mismo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Hindi na Ako makikita ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo Ako.” At ngayon kung Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, kung gayon bakit hindi natin Siya makita?

<sup>24</sup> Ngayon kung tutungo ako sa iba’t ibang kuru-kuro na nagkaroon na tayo. At alalahanin na kailanma’y hindi

gumagawa ang Diyos ng anuman na labas sa ipinangako Niyang gagawin. Kita n'yo, lagi Siyang nagbibigay ng pangako, saka Siya dumarating upang tuparin Ito.

<sup>25</sup> Ang Diyos, sa pasimula, na nalalaman ang wakas mula sa simula-. . . pasimula, dahil wala Siyang katapusan. Alam nating lahat 'yan. Siya ay sumasalihat ng dako, makapangyarihan sa lahat, at walang katapusan. Ngayon, kung wala nga Siyang katapusan, kung ganoon alam Niya ang lahat ng mga bagay, at ngayon. . . at nakababatid ng kalahat-lahatan.

<sup>26</sup> Kaya pansinin, kung ganoon, naglaan Siya ng Kanyang Mga Kasulatan hanggang sa mga kapanahunang darating. At pagkatapos kapag muling dumarating na ang panahong ito, aba, pinipilit natin sa tuwina na—na unawain ang mga bagay-bagay sa paraan na inaakala nating tama, pero kadalasan. . . Kapag nangako ang Diyos para sa kapanahunang iyon, sa nakagawian na Niyang pamamaraan ng pagsasagawa sa anumang bagay, at hindi kailanman binabago ang pagsasagawa dito.

<sup>27</sup> Alalahanin, hindi kailanman nagbabago ang Diyos, hindi kailanman binabago ang Kanyang mga pamamaraan. Sapagkat iyan ang dahilan kaya mailalagak natin nang tiyak ang ating pananampalataya sa kung ano ang sinabi ng Diyos bilang siyang Katotohanan, ang Biblia. Ngayon dapat mong ilagay ang Diyos sa isang dako.

<sup>28</sup> Ngayon, kung hahatulan ng Diyos ang sanlibutan, at Kanya nga. Kung sasabihin natin, kung sasabihin ko sa Katolikong Pranses, ano sa palagay mo ang ipanghahatol Niya dito? “Ang iglesyang Katolikong Pranses.” Pinaniniwalaan ng Romano Katoliko na hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng iglesyang 'yan mismo. Ang Orthodox, ang Griyegong Katolikong Orthodox, ay naniniwalang hahatol Siya sa pamamagitan niyon. Sasabihin ng Methodist, “Ang iglesya namin.” Ng Baptist, “Ang iglesya namin.” “Ang Pentecostal!” Kita n'yo, magiging labis itong nakakalito, hanggang sa hindi na malaman ng tao kung ano ang gagawin.

<sup>29</sup> Subalit sinabi Niya na hahatulan Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ni Jesus Cristo, at si Jesus Cristo ang Salita, kaya hahatulan Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ng Salita. Ngayon, ang Biblia ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo. *Ito* ay ang kapahayagan. Walang anuman ang idaragdag Dito o aalisin mula Rito. Ang gayun din ay aalisin, ang bahagi natin, mula sa Aklat ng Buhay, kung magdaragdag tayo o mag-aalis mula Rito. Iyan ay ang Salita ng Diyos, at sinasampalatayanan natin Ito.

<sup>30</sup> Ngayon, ang bawat salinlahi, kapag ang iglesya'y kadalasan nang napaghahalu-halo Ito nang husto at lahat na, hanggang sa, kapag dumarating na ang panahong dapat nang maisakatuparan ang Salita, ay lumilingon sila pabalik sa iba pang salinlahi

doon sa nakalipas, sa kung ano ang naganap na doon sa ibang panahon, at hindi nila nakikita kung ano ang naganap sa kanilang panahon.

<sup>31</sup> Ngayon sa inyo na mga taong Katoliko, gaano ninyong napalampas ang mga banal na iyon. Paano ang tungkol kay Joan of Arc, na isang—isang Pranses? Babanggitin ko na lamang 'yan marahil, dahil sa isang teritoryo ng Pranses. Alalahanin ninyo, sinilaban siya ng pari sa isang poste, bilang isang mangkukulam. “Isa siyang mangkukulam,” dahil sa espirituwal ang naturang batang babae. Nakakita siya ng mga pangitain, at iba pa, at sinilaban ninyo siya bilang isang mangkukulam. Pagkatapos, makaraan ang ilang panahon, nang makita ninyo ang pagkakamali n’yo, hinukay ninyo ’yung mga katawan ng mga paring iyon at itinaon sila sa ilog, bilang pagsisisi. Pero, nakita n’yo, nakalampas na ito.

<sup>32</sup> At noon pa man ganoon na ito. Nagdaraan ito sa atin at hindi natin ito nakikita.

<sup>33</sup> Maging sa mga alagad, ay sinabi ni Jesus, noong minsang nakikipag-usap sa kanila. Sabi nila, “Bakit nga sinasabi ng—ng mga eskriba na kinakailangang pumarito muna ni Elias?”

<sup>34</sup> Sinabi Niya, “Naparito na siya, at hindi ninyo siya nakilala.” At napag-unawa nila na iyon si Juan Bautista. Maging ang mga alagad na iyon, ang tinig na iyon sa ilang, at ang Malakias 3 na natutupad na noon, aba, ito’y nagdaan na mismo sa kanila at ni hindi man lang nila ito napag-unawa. Kita n’yo?

<sup>35</sup> At maaari ngang mangyari na mahayaan natin Itong lumagpas sa mismong harapan natin, at mabigo na makita Ito. Ang paraan ng Diyos ay laging . . .

<sup>36</sup> Ngayon kung darating ito sa isang buong sistema, o sa kung anong organisasyon, gaya ng Protestante, Methodist, Baptist, mga Pentecostal, o kaya ang ilan sa kanilang mga denominasyon ang magsasagawa nito, paniniwalaan nila ito. Buweno, kung ganoon, ayaw na ng iba na magkaroon pa ng kaugnayan dito.

<sup>37</sup> Kaya hindi kailanman nakikipag-ugnayan ang Diyos, sa mga pagkakataong gaya nito, sa alinmang organisasyon. Hindi Niya kailanman ginawa. Nakikipag-ugnayan Siya palagi sa isang indibidwal, sa isang tao, sa iyo, sa isang tao lamang. Ikaw ito, sa pagitan mo at ng Diyos, hindi sa pagitan ng organisasyon mo at ng Diyos; sa pagitan mo, bilang isang indibidwal. Sa ganoong paraan ito ginagawa ng Diyos palagi, noon pa man.

<sup>38</sup> At ngayon sinabi ng Biblia, “Wala Siyang ginagawa malibang ihayag Niya muna ito sa Kanyang mga propeta, sa Kanyang mga lingkod na mga propeta.” At sa tuwina, katulad na katulad noong panahon ni Elias, at panahon ni Moises, at lahat ng iba’t ibang panahong ’yun, ay inihahayag Niya ito.

<sup>39</sup> Ngayon naisulat sa Kasulatan na ang isang...Bibigyan sila ng Diyos ng isang kamangha-manghang tanda, isang dakilang tanda, isang walang hanggang tanda, “isang birhen ang maglililihi.” At pagkatapos ay may Isa na isisilang, isang Sanggol, na nakilala natin Siya bilang ang Mesiyas. Lahat ng Mga Kasulatan, magmula pa sa Genesis, pataas, ay nagkaugnay-ugnay hanggang sa pagdating ng Mesiyas.

<sup>40</sup> Bahagi ng Salita ang mga propeta. Sinabi ni Jesus na tinatawag silang ‘mga diyos.’ At sila nga, hangga’t inihahatid sa kanila ang Salita ng Diyos. Sinabi Niya, “Paano ninyo Ako hahatulan kung sinasabi Ko na Ako ang Anak ng Diyos? At—at, kayo, yaong mga...Nasusulat sa inyong kautusan, ‘yaong mga dinaratnan ng Salita ng Diyos,’ tinatawag ninyo silang ‘mga diyos.’” Kita n’yo, ang...Hindi ang mga propeta; ito ay ang Salita ng Diyos. At ganito pa rin ito ngayon. At si Jesus iyon, ganun din, ang Salita ng Diyos na nahayag. At iyan lagi ang Liwanag ng panahon.

<sup>41</sup> Ngayon kung nagmasid-masid tayo, ngayong gabi, at magbabalik tayo sa ilan sa mga dakilang iglesyang ito, tuluy-tuloy sa buong nagdaang kapanahunan, at sasabihing “*ito* na nga, *ito* na nga,” kung hindi kayo magbabantay, tayo’y lalakad sa isang ningning na nakasisilaw sa halip na sa isang Liwanag. Nakatingin tayo sa isang bagay na nakaraan na, na mga taon na ang nakalipas, nakalinging sa nakaraan.

<sup>42</sup> Kahit sinong tao na nagmamaneho sa daan, na nakatingin sa salaming panglikuran, ay mababangga. Tama ’yan. Tama ’yan. Halimbawa na lamang gaya ng ilang mga kapatiran nating babae na nagpupumilit, limampung taong gulang na, tapos nagpupumilit pang magmukhang disi-sais. Kita n’yo, kayo’y nakalinging sa nakaraan.

<sup>43</sup> Tumingin kayo pasulong! Tumingin kayo kung saan kayo papunta. Tumingin kung saan kayo papunta, hindi kung ano ang pinanggalingan n’yo. Sinabi ni Pablo, “Nililimot ang mga bagay nang nakaraan, nagtutumulín ako sa hangganan ng dakilang pagtawag ni Cristo.” Dapat kayong tumingin palagi kung saan kayo papunta, hindi sa pinanggalingan ninyo.

<sup>44</sup> Kapag ’yung salaming panglikuran ang binantayan ninyo, hindi maglalao’y mababangga kayo. Iyan ang dati nang nagiging problema. Iyan ang dahilan kaya nabuwal si Luther noong dumating ang liwanag ni Wesley. Iyan ang dahilan kaya si Wesley ay nabuwal—nabuwal noong dumating ang mga Pentecostal. At kung hindi tayo magbabantay, mababangga rin ang mga Pentecostal kung sadyang hindi sila magiging alerto, na magbantay. Nakita n’yo, palagi kayong nakatingin sa nakaraan, na tumutukoy sa kung ano ang ginawa ng iba doon sa nakaraan. Gayong tayo’y...



45 Kapag, inutusan tayo na tumingin nang pasulong, basta magpatuloy na. Ang kanilang—ang kanilang propesiya ay naganap noong panahon nila, nagaganap naman ito sa panahon na ito, at magaganap naman ang susunod sa kasunod na panahon. Nakalaan na ito, hanggang sa huling panahon. At may mga bagay na nagaganap na dapat ngayon, ayon sa Kasulatan, ang Espiritu Santo na nasa mundo, na naibuhos na sa mga tao.

46 Ngayon, noong maparito si Jesus, dapat sana’y nakilala Siya ng mga eskribang iyon at ng iba pa, subalit hindi, dahil masyado na silang nakatuon sa kanilang mga tradisyon. Ang mga Fariseo, mga Saduceo, mga Herodiano, kahit ano pa man, naroon sila sa tradisyon na iyon, labis nang nakababad, hanggang sa ang mismong propesiya ni Cristo Mismo, ng kung magiging ano dapat Siya, ay nabigo silang makita ito. Sinabi Niya sa kanila, sabi, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga Yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito’y Siyang nangagpapatotoo sa Akin.”

Sinabi nila, “Mga alagad kami ni Moises.”

47 Sinabi Niya, “Kung mga alagad kayo ni Moises, ay mangakikilala nga ninyo Ako, sapagkat siya’y sumulat tungkol sa Akin. ‘Palilitawin ng Panginoon ninyong Diyos ang isang propeta na gaya ko.’”

48 Ipinahayag nilang sila nga’y ganoon, pero hindi naman, dahil sa lubha na silang nakababad sa tradisyon. Ngayon, ganoon nila Siyang hindi nakita sa panahong ’yon na kanilang kinabuhayan. Ngayon, maaaring maulit ’yan, alam ninyo. Noon pa ma’y ganoon na, at maaari itong maulit na muli.

49 Ngayon bumalik lang tayo sa loob ng ilang sandali. At ang tanging paraan upang malaman natin kung ano Siya . . .

50 Ngayon, sa araw na ito, kung kukunin natin ang pangkaraniwang tao, kung ano dapat si Cristo, tayo . . . Inilalarawan Siya ng ilan sa kanila bilang isang makasaysayan, na dakilang kung ano lang. Ang iba naman ay ginagawa Siyang kasing baba ng isang pangkaraniwang tao lamang. At itinuturing Siya ng iba na isang pilosopo, isa sa mga propeta, o—o kung ano man, iba pang gaya niyan, isang mabuting tao, isang guro.

51 Ngunit Siya, maging ano pa man Siya noon, ay nananatili pa rin Siyang ganoon ngayon, ayon sa Kasulatan. Kita n’yo? Ngayon kung nagtungo tayo sa kabayanan, para hanapin Siya, at magtungo—maghanap-hanap sa paligid, upang tingnan kung . . . Ngayon, alalahanin, ang pangako Niya ay sasa atin Siya.

52 Ngayon kung nagtungo tayo para hanapin ang isang tao sa isang . . . sabihin na nating . . . Sabihin ko nang, marahil, “Anim na talampakan ang taas.” At sasabihin ninyo, “Hindi, iyon ay pito at kalahati.” Sasabihin naman ng isa pa, “Hindi, apat

na talampakan lang siya; isa siyang maliit na tao.” Kita n’yo, magkakalitu-lito tayo nang husto.

<sup>53</sup> Buweno, sasabihin nila, “Mayroon marahil Siyang mga pilat ng pako sa Kanyang kamay.” Kahit sino lamang na mapagkunwari ay maaaring magkaroon ng mga pilat ng pako sa kanilang kamay, at mga marka ng tinik. At, kung sabagay, nakaupo na si Jesus sa kanang kamay ng Kamahalan sa Kaitaasan. Subalit paano nga natin makikilala kung sino Siya?

<sup>54</sup> Hindi nila Siya nakilala noon dahil sa suot Niya. Dahil, lumakad Siya sa gitna mismo ng mga tao, maging noong pagkatapos na ng Kanyang muling pagkabuhay. At sinasabayan pa nga Niya sila sa paglakad, at hindi pa rin nila Siya nakilala. Kita n’yo? Hindi ito sa suot Niya. Ang suot Niya ay katulad din lang ng sa iba pa. Hindi ito sa suot Niya. Hindi ito sa kilos Niya. Hindi ito sa organisasyon Niya. Hindi ito sa Kanyang fellowship card na dinala Niya, dahil wala Siya niyon. Sa totoo lang, hindi Siya sumang-ayon dito, kaya hindi ito iyon.

Sinabi nila, “Hindi namin alam kung saan Siya nanggaling.”

<sup>55</sup> At sinabi ng bulag na lalaki, “Isa ’yang kakatwang bagay. Isa kayong pinuno ng kasalukuyang panahon, at binuksan Niya ang aking mga mata, at gayon ma’y hindi ninyo nalalaman kung saan Siya nanggaling.” Mayroon siyang sariling mahusay na teolohiya. Kita n’yo? Sinabi niya, “Hindi ninyo alam kung ano ang ginawa ng taong ito, ang mga bagay na kanyang nagawa, at naturingan pa naman kayong mga pinuno ng panahong ito.” Ngayon. . . Pero ang nakakalungkot na bahagi, sa kanila, ay binulag ang kanilang mga mata. Dapat talaga itong maging ganoon.

<sup>56</sup> Alam ba ninyong ang iglesya’y ipinapalagay na magiging gayon din, sa huling panahon? “Mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos, na may anyo ng kabanalan at tinatanggihan ang Kapangyarihan nito. Mula sa . . .” Iyon ang siya ring propesiya, ang siya ring bagay. Ito nga talaga. Sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, nasa labas na ng iglesya si Jesus, na sinisikap na muling makapasok, tumutuktok sa pinto. Ang nag-iisang kapanahunan na pinalabas Siya sa iglesya, ay sa Kapanahunan ng Laodicea na kinabubuhayan natin ngayon. Kaya nakikita natin na bumabalik mismo tayong muli sa kung saan tayo nagsimula.

<sup>57</sup> Ngayon, ang nag-iisang tunay na paraan upang malaman natin kung ano Siya noon, o kung ano Siya ngayon, ay ang alamin kung ano nga Siya noon, ngayon, dahil magiging ganoon pa rin Siya. Ngayon bumalik lang tayo at humugot ng ilang mga bagay na ginawa Niya. Alam nating lahat ang birhen Niyang kapanganakan, at hindi na tayo magsisimula diyang.

58 Ngunit nabasa ko mula sa San Juan. Bumalik tayo sa San Juan, sa unang kabanata, at alamin lamang kung ano Siya noon, at saka natin mauunawaan kung ano Siya—kung ano Siya sa ngayon. Maging ano pa man Siya noon, ganoon pa rin Siya ngayon. Buweno. Ngayon natuklasan natin dito, sa pasimula, na Siya ang Salita. “Nang pasimula ay ang Salita.” Kung gayon ay Siya pa rin ang Salita. Kita n’yo? Kita n’yo? Uh-huh. “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa ating kalagitnaan.” Buweno.

59 Kung gayon, iyon Siya noon, Siya ang pinatotohanang pangako ng Diyos para sa kapanahunang iyon. Iyon ang nagpaging Salita sa Kanya. Tama ba? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Buweno, magiging ganoon pa rin Siya sa ngayon, ang Salita pa rin muli. Kita n’yo? At Siya—Siya—Siya—sinabi Niya sa kanila na tumingin doon. Iyon Siya. Siya ang Salita. Nagkatawang-tao ang Salita. Iyon nga Siya. Ngayon, nang maging Salita Siya, at bumaba ang Diyos sa anyo ng Espiritu Santo, ng sa anyo ng isang kalapati, at nanaog sa Kanya, at sinabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong kinalulugdang panahanan.”

60 Pagkatapos ay natuklasan natin, na nagsimula na ang Kanyang ministryo, mga panalangin para sa mga maysakit, pagpapagaling. Gusto Siya ng lahat. Mabuti Siya, kilala sa pagiging isang mabuting Tao. At pagkatapos, nang nasa Kanyang unang ministryo na, ang nagpakilala sa Kanya . . .

61 Alalahanin, naniniwala na noon pa man ang mga Hudyo sa Makalangit na pagpapagaling. Mayroon silang isang malawak na tipunan ng tubig dito sa pintuang-bayan, ng Betsaida . . . Betesda, sa pintuang-bayan, na isang magandang pintuang-bayan. Nakahimlay doon ang mga tao, napakaraming bilang ng—ng mahihinang mga tao na mga pilay, pingkaw, bulag, at nagsipagtungo sa tubigan para sa kagalingan.

62 Gumagawa sa tuwina ang Diyos ng daan para sa kagalingan, kaya hindi talaga ang Kanyang pagpapagaling ang nakatawag ng kanilang pansin sa Kanya. Mayroon pang mas higit na bagay na nakatawag sa kanyang pansin.

63 Ngayon nalaman natin na kung . . . ano ba dapat Siya, na sinabi na ni Moises kung magiging ano Siya, at nangusap na ang lahat ng mga propeta ng tungkol sa Kanya, ngayon kinakailangang makilala Siya sa pamamagitan niyan.

64 Ngayon heto nga kung ano Siya, ang Salita. Ngayon, sa Mga Hebreo, ang ika-4 na kabanata, ay sinasabi na, “Ang Salita ng Diyos ay mas makapangyarihan kaysa sa isang tabak na may dalawang talim. Ito ay, humihiwa sa utak ng buto, at madaling kumilala ng mga pag-iisip na nasa puso.” Iyan nga ang Salita.

<sup>65</sup> Ngayon, kita n'yo, nang dumating ang Salita sa mga propeta, nakilala sila sa pamamagitan ng kanilang propesiya. Sinabi ng Diyos, "Kung mayroong isa sa inyo, na espirituwal o isang propeta, Akong Panginoon ay mangungusap sa kanya sa mga pangitain, at sa . . . at magpapakita sa kanya ng mga panaginip, at iba pa." Sa ibang salita ay, "ipaliwanag ang mga panaginip," gaya ng ginawa ni Jose at nila. At iyon ang kanyang magiging mga kredensiyal. At pagkatapos ay iyon ang mga kredensiyal na tinaglay niya, ang kinasihang Salita, sa pamamagitan ng kapahayagan, kita n'yo, ang Salita na isasakatuparan. Ang kanyang propesiya ang nagpakilala sa kanya bilang isang propeta, "At dumarating ang Salita sa propeta."

<sup>66</sup> Kaya nang dumating sa tagpo si Jesus, ay sinabi ng Biblia na Siya ay magiging isang Propeta. Sinabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw ng isang Propeta na gaya ko." At pinaniniwalaan palagi ng Israel ang kanilang mga propeta, sapagkat iyon ay ang Diyos na ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa mga tao, sa tuwina. Nalalaman 'yan ng sinumang iskolar ng Biblia. Sa ganoong paraan Niya ipinakikilala ang Kanyang Sarili, ay sa Kanyang mga propeta. Mga pangkaraniwang tao lamang sila. Siyempre, ipinanganak sila para sa layuning 'yon.

<sup>67</sup> Gaya nga ng alam natin, may mga lokal na kaloob, ng siyam na kaloob sa iglesya. Subalit may mga katungkulan sa Iglesya, at iyon, ang Diyos, na iyon ay itinalaga, o itinakda na noong una pa man, "Naglagay ang Diyos sa Iglesya ng: mga apostol, saka ng mga propeta, at mga guro, mga pastor, mga ebanghelista," at iba pa, iyan ang mga kaloob ng Diyos na inilagay sa Iglesya. Pagkatapos ay may siyam na espirituwal na kaloob na gumagawa sa lokal na katawan, at ng mga mananampalataya, at dapat silang masuri ng dalawa o tatlong tagahatol bago maibigay ang mga iyon sa iglesya, dahil minsa'y maaaring mali ang mga iyon.

<sup>68</sup> Subalit pansinin ang mga propetang ito, sa pagkasilang nila, gaya sa . . . Sa palagay ko, dito kay Jeremias, ay sinabi ng Diyos, "Bago ka pa man ipaglihi sa sinapupunan ng iyong ina, Akin nang itinalaga kang propeta sa mga bansa." Nakita na ninyo? Isinilang si Moises na isang propeta. At si Juan Bautista, pitong daan at labindalawang taon bago pa siya ipinanganak, "siya ang ting ng isa na sumisigaw sa ilang," ipinangusap na siya noon ni Isaias na propeta. Kita n'yo, hindi ito . . . Ang mga kaloob na ito ay kaloob mula pagkasilang, inilagay ng Diyos ang mga iyon sa Iglesya.

<sup>69</sup> At, ngayon, at noong unang pagparito ng ating Panginoon, hindi pa nagkakaroon noon ni isa mang propeta sa lupain nang apat na raang taon. Si Malakias ang huling propeta, at nangusap siya tungkol sa pagdating ni Juan. Sa ikatlong kabanata ng Mateo, na siyang si Isaias—Isaias, ang propeta, ay

nangusap patungkol sa kanya. At saka, gayun din naman, saka nangusap si Malakias at sinabi na lilitaw sa tagpo si Elias, na isang tagapagpauna ni Cristo. “Sinusugo Ko ang Aking sugo na nauuna sa Iyo, upang ihanda ang daan,” gaya ng sinabi Niya sa Mateo 11, na ipinakikilala si Juan.

<sup>70</sup> At ang kakatwang bagay ngayon, nang magsimula nang mangusap si Jesus, at ipinapakilala ang Kanyang Sarili, masdan natin ngayon kung paano Niya ginawa 'yun. Kung hindi Siya ayon sa Kasulatan sa Kanyang ginawa, kung gayon ay hindi Siya ang Mesiyas. Dapat Siyang pumarito nang naaayon sa Kasulatan.

<sup>71</sup> Ngayon ay may isang lalaki sa pangalang Andres, na matagal nang dumadalo sa rebaybal ni Juan, na sinabi ni Juan na darating Siya. Siya ay . . . Talagang nakatitiyak si Juan sa Kanyang pagparito, sabi niya, “Nakatayo na Siya ngayon sa inyong kalagitnaan,” sapagkat alam niyang ipakikilala niya ang Mesiyas na iyon.

<sup>72</sup> Ngayon, ni hindi siya nagtungo sa isang seminaryo, para malaman kung magiging ano kaya ang Mesiyas. Nagtungo siya sa ilang, at naroon siyang mag-isa lamang, at lumabas. Dahil, siya ay . . . dapat na hindi sinanay ng tao. Dapat ang Diyos ang magsanay sa kanya. Dahil, ngayon, isang saserdote ang kanyang ama, at nakaugalian na na sinusundan ng anak ang—ang gampanin ng ama at ang kanyang pag-aaral, at iba pa. Subalit lubhang napakadakila ng gampanin ni Juan, napakahalaga.

<sup>73</sup> Buweno, karamihan sa mga taong iyon, sabi niya, “Ngayon, alam mo si Kapatid na *Ganito-at-ganoon* dito, tumutugma siya sa—sa mga hinihinging katangian.”

<sup>74</sup> Subalit nagtungo sa ilang si Juan, at, hanggang sa, nakasama niya ang Diyos hanggang sa talagang malaman niya kung ano ang magiging tanda ng Mesiyas. Nang pumarito Siya, ay sinabi niya, “Hindi ko Siya kilala, subalit Siya na nagsabing, ‘Ang makita mong babaan ng Espiritu, at panahanan, ay Siya nga Iyon na magbabautismo sa Espiritu Santo at Apoy.’” Kita n’yo? Alam niya at siguradong-sigurado na Siya nga iyon.

<sup>75</sup> Ngayon, sinisikap noon ni Andres na isama ang kanyang kapatid, na si Simon. Mga mangingisda sila, at sinisikap nilang mapapunta sa pagtitipon ang kanyang kapatid.

<sup>76</sup> Ngayon, nabasa ko ang isang kuwento noong minsan tungkol sa buhay nila. Mga dakilang tagasunod sila sa orden ng mga Fariseo. At mayroon siyang isang—isang . . . Ang kanyang ama, ang pangalan ng ama ay Jonas, at isa itong—isa rin itong mahusay na mangingisda. At, maraming pagkakataon, kinailangan nilang magtiwala sa Diyos para sa kakainin nila, para sa kanilang isda, upang mabayaran ang mga utang, at—at makakuha ng pagkain. At ako, sa pagbabasa noong isang araw kung saan dinala ng matandang ama si Simon at pinaupo siya,

at siya at si Andres, at sinabi nito, “Mga anak, sumasampalataya ako noon pa man na mabubuhay pa ako upang makita ang darating na Mesiyas, na ating hinintay, sa haba ng mga panahong ito. At ngayon, mga anak, bago pumarito ang Mesiyas, marahil ako’y—ako’y papanaw na, dahil matanda na ako. Ngunit ayokong madaya kayo mga anak. Ngayon magsisilitawan ang lahat na ng uri ng mga bagay bago Siya dumating.”

<sup>77</sup> Kailangang maging ganoon lagi noon pa man, alam ninyo, upang medyo ibuwal ang—ang—ang totoong bagay kapag dumating na ito doon. Nakita n’yo, naroon palagi si Satanas. Gaya na lamang noong bago pumarito si Jesus, sinabi nilang may iba pang mga Jesus na nagsilitaw at nagsama ng mga pangkat patungo sa ilang, at nangapahamak, at iba pa.

<sup>78</sup> Pero sinabi niya, “Mga anak, tandaan ninyo, makikilala ang Mesiyas na ito ayon sa Kasulatan.” Oh, gaanong dapat niyang turuan ang mga tao sa araw na ito! Kita n’yo? “Makikilala ang Mesiyas sa pamamagitan ng Kasulatan, dahil sinabi ni Moises na ang Panginoon nating Diyos ay magpapalitaw ng isang Propetang gaya niya. At si Moises ang ating tagapanguna, at naghihintay tayo. Ngayon, nakalipas na ang daan-daang taon, na hindi pa tayo nagkaroon ng propeta, subalit sinabi ni Moises na paparito ang Isang iyon. At, walang alinlangan, na itong pagkakaugnay dito na walang propeta ay upang ipaki- . . . ipakilala na kapag dumating na nga ito, ay matutugunan Niya ang mga katangian ng propetang iyon.” Alam nating lahat ang Kasulatang iyon.

<sup>79</sup> Ngayon natuklasan natin iyon, bandang kalaunan, na si Jesus ay di pa man nagpapakita ng anumang tanda. Isang araw, pumaroon si Simon sa Kanyang Presensiya, na sadyang medyo nagdududa, marahil, sa patotoo ni Andres, dahil narinig niya ang lahat ng ito tungkol dito sa taong-ilang na naganap, na inilulubog ang mga tao doon sa ilog, at may mga pagbabautismo, at iba pa. At hindi siya makukumbinsi niyon, dahil nagkaroon na ng lahat ng kung anu-anong uri ng bagay sa buong Palestina, nang panahong iyon.

<sup>80</sup> Ngunit, isang araw, naparoon si Simon sa Presensiya ng Panginoong Jesus. Ngayon masdan nga natin kung ano Siya kahapon, sa hinirang na binhing iyon, sa Simon na iyon na itinalaga sa lugar na ito, ang binhing iyon. Na gaya . . .

<sup>81</sup> Nang pasimula, ang Diyos nga ay ni hindi pa Diyos. Siya ang dakilang Walang Hanggan, at doon ay mayroong mga katangian. Ang mga katangian ay ang Kanyang mga pag-iisip. At pagkatapos ay naging Salita Siya, na gaya nito. At ang isang salitang nahayag . . . Buweno, ang isang kaisipang nahayag, ay isang salita. Ang isang salita, na nahayag, ay isang kaisipan.

<sup>82</sup> At saka, alalahanin, kung talagang nasa kaisipan ka na ng Diyos noon pa, lagi kang nandoon na. Kung may Buhay na

Walang Hanggan ka, ikaw nga ang kahayagan, o ang katangian, ng Kanyang kaisipan para sa kapanahunang ito. Kung hindi, ikaw . . . Mayroon lamang iisang Buhay na Walang Hanggan, at noon pa Ito palaging nariyan na. At ikaw, sa Kanyang isip, ay nariyan na bago pa man nagkaroon ng mundo. Iyon ang dahilan kung bakit Niya sinabi na pinili ka na Niya “bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan.” Hindi ito kung ano ang iniisip natin, kung ano ang iniisip ng iba pa. Ito’y kung ano ang Diyos, Walang Hanggan! Ikaw noon pa man, kita n’yo, ay nasa isipan Niya.

<sup>83</sup> Ito’y nasa Kanya na na maging tao, iyon ang dahilan kaya si Cristo ang nahayag na larawan. Kita n’yo? Ngayon, Siya’y magiging Ama, Siya’y magiging Anak, Siya’y magiging Tagapagligtas, Siya’y magiging Tagapagpagaling. Wala pang kahit na ano, wala kahit na Anghel, o anuman. Pagkatapos, ay lumikha Siya ng mga Anghel, saka Siya naging Diyos, sinamba Siya. Kung gayo’y mga kahayagan na ito ng Kanyang isipan.

<sup>84</sup> Walang anumang mali. Lahat ng bagay ay magiging maayos. Huwag kayong matakot. Ang malaking orasan ng Diyos ay patuloy na umiikot. Darating iyon, magkakaroon Ito ng isang Iglesya na walang dungis o kulubot. Nasa Kanyang isipan na ito noon pa. Ang importante ay, Naroon nga ba ako, Naroon nga ba kayo?

<sup>85</sup> At heto Siya, ang Walang Hanggang kaisipan ng Diyos, na nahayag sa pagiging Anak. Oh, naku! Hayun ang Diyos, si Emmanuel, noon. Pansinin, kung ganoon, Siya ang Salita. Ngayon dito . . .

<sup>86</sup> Nabibingi ko na ba kayo? Hindi ko ibig na hiyawan kayo. Kung minsa’y nagsasalita tayo sa maluluwang na labas at lugar, at hindi ko ibig na maging napakalakas ang boses. Ngayon hayaan ang . . . Kung sino man ang namamahala nito, pakihinaan na lang ito para sa akin, kung pwede sana, kung sumobra ito sa lakas.

<sup>87</sup> Ngayon pansinin, dito, nang pumarito si Jesus, heto’t papalapit si Simon, na naglalakad patungo sa Kanya. At pagkatuon na pagkatuon ng mga mata ni Jesus sa kanya, sinabi Niya, “Ang pangalan mo ay Simon, at anak ka ni Jonas.”

<sup>88</sup> Oh, pinag-alab nga niyon ang puso ng mangingisdang iyon! Ni hindi niya man lang maisulat ang sarili niyang pangalan, wala siyang pinag-aralan, subalit alam niyang iyon nga ang Salita dahil napagkilala nito ang mga pag-iisip na nasa kanyang puso. Hayun nga ang Mesiyas. Bagama’t sinabi ng Biblia na siya’y kapuwa mangmang at walang pinag-aralan, pero siya ang naging pinuno ng iglesya sa Jerusalem.

<sup>89</sup> Napaluhod siya sa Kanyang paanan. Nalaman niya na iyon na nga. Hindi lamang’yung nakilala Niya kung sino siya, kilala Niya ang maka-Diyos na butihing ama niya, na pumanaw na. Kita n’yo? Ipinakita niyon na Siya ang Salita. Kumikilala ang

Salita ng mga pag-iisip na nasa kanilang mga puso. Iyon nga ang tumpak. Tumingin sa kanila si Jesus at napagkilala ang kanilang mga pag-iisip. Kita n'yo? At, na, sinabi ng Biblia na, "Ang Salita ng Diyos ay kumikilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso."

<sup>90</sup> Iyon ang nagpaging Salita sa Kanya, nang gayon, ang Pangulong-Propeta na iyon, ang Diyos na Propeta na iyon, na higit pa sa isang propeta; Siya, ang lahat ng kung ano ang mga propeta, kasama na ang lahat sa Diyos. Kita n'yo? Siya ay si Emmanuel, ang Diyos na ipinakilala sa buong kapuspusan, sa Anak na si Cristo Jesus. Nalaman natin ngayon, na ang Diyos ay na kay Cristo, na pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili.

<sup>91</sup> Ngayon, kung mapapansin natin, nang magkagayo'y nakumbinsi si Pedro doon sa itinuro sa kanya ng kanyang maka-Diyos na butihing ama, at narito ang katibayan ng Kasulatan na iyon na nga ang Mesiyas.

<sup>92</sup> Iyon Siya kahapon, ito Siya ngayon. Paano pa ba Niya higit na maipapakilala ang Kanyang Sarili?

<sup>93</sup> Ngayon isa Siyang...Hindi Niya ipinakilala ang Sarili Niya bilang isang dakilang doktor, na Ph.D., LL. Kita n'yo? Hindi Niya ipinakilala ang Sarili Niya bilang isang pari. Ipinakilala Siya ng Salita ng Diyos. Ang Salita na nangungusap sa pamamagitan Niya ang nagpakilala sa Kanya. Kita n'yo? Sa ganoon nila nalaman kung ano, kung Sino Siya.

<sup>94</sup> May isa ngayong nakatayo doon, na ang pangala'y Felipe. At matagal nang nagkaroon ng pag-aaral sa Biblia si Felipe, ayon sa Kasulatan, sa mga balumbon ng papel, kasama ang isang taong naggangalang Nathanael. At nang makita niya itong maganap, sadyang pinagningas nito nang husto ang kanyang puso hanggang sa hindi na niya ito matagalan. Alam niyang naroon ang Bagay na iyon. Isa lamang Siyang pangkaraniwang Tao, subalit nakilala nila na iyon ang Mesiyas.

<sup>95</sup> Kaya nagtatakbo siya sa burol, mga labinlimang milya iyon, kung susukatin mo kung saan Siya nangangaral, pumunta marahil nang isang araw at bumalik nang sumunod na araw. At nagpunta siya upang hanapin ang taong ito, na matagal nang nag-aaral na kasama siya, sa Kasulatan; napakatatag, na matapat na tao. May mga ganyan kayo rito, na tao na, inilalaan ang kanilang buong buhay sa pag-aaral ng Salita. Kaya pinag-aralan niya ang Salita. At nagpunta si Felipe upang hanapin siya, at tumuktok marahil sa pinto. At—at—at sinabi ng maybahay ni Nathanael, "Naku, naglakad-lakad siya kani-kanina lang doon sa taniman ng olibo." Nagtatanim siya ng mga olibo.

<sup>96</sup> Kaya pumunta siya, tumakbo pabalik upang makita ito, at nasumpungan niya itong nakaluhod, sa ilalim ng isa sa mga puno, nananalangin. Ngayon ang isang maginoong Cristiano'y



nagbibigay sa tuwina, nagpapakita ng pagpipitagan, kaya siya—naghintay siya hanggang sa makatapos ito sa pananalangin.

<sup>97</sup> Sinabi niya, “Halika, tingnan mo kung Sino ang nasumpungan namin, si Jesus na taga-Nazaret, ang anak ni Jose.”

<sup>98</sup> At pagkatapos itong matatag, na mabuting Hebreo, na nagngangalang Nathanael, ay nagsabi, “Ngayon sandali lang, Felipe. Wala—wala ka na ba sa tamang katinuan mo? Ngayon maaari ba namang. . . Saan nga ika mo? Ano’ng sinabi mong Pangalan ng Taong ito?”

“Si Jesus na taga-Nazaret.”

<sup>99</sup> Sinabi niya, “Mangyari bagang lumitaw ang anomang mabuting bagay sa Nazaret?”

<sup>100</sup> At sa palagay ko’y ibinigay sa kanya ni Felipe ang pinakamabuting sagot na maibibigay ng sinuman sa isa pa. Sinabi niya, “Halika at tingnan mo.”

<sup>101</sup> Huwag kang pumirmi sa bahay at mamintas. Halika, alamin mo. Saliksikin ang Kasulatan. Halika at tingnan mo!

<sup>102</sup> Buweno, marahil, habang nasa daan, ay sinimulan niyang sabihin sa kanya. Sabi, “Ngayon, alam mo, alam natin. Talastas natin, mula sa Kasulatan, na ang Mesiyas na ito ay magiging isang propeta, dahil sinabi ni Moises na Siya nga. At ang Taong ito. . . Naalala mo ba’yung matandang mangingisda na hindi mailagda ang pangalan niya sa resibo, nung bilhin mo’yung isda?”

“Oo.”

<sup>103</sup> “Buweno, sinabi Niya sa kanya kung sino siya.” Oh, para ko nang nakikini-kintang sinasabi ni Felipe. . .

“Ngayon sandali nga lang,” o, si Nathanael, “ako—kailangan ko’yung makita, muna.”

<sup>104</sup> Nang sa wakas ay makarating siya sa kinaroroonan Niya, lumapit siya na kasama si Felipe. Dinala siya ni Felipe na gaya lamang ng pagdala sa inyo ng isang tao, paglapit sa Kanyang Presensiya, sa pagtitipon kung saan nangangaral si Jesus. At tumingin siya sa Kanya, isa lamang Siyang pangkaraniwang Tao, na nakadamit nang tulad ng sino mang tao. Wala Siyang anumang pagkakaiba kung titingnan. At nangusap Siya nang deretsahan. Isa lamang Siyang simpleng tao sa tuwina.

<sup>105</sup> At kung mins’y nangungusap Siya ng mga talinghaga sa kanila, na hindi nila ito maunawaan; maging ng mga alagad Niya. Hindi natinag niyon ang kanilang pananampalataya. Kita n’yo, sumampalataya sila sa Kanya.

<sup>106</sup> Pansinin, isang beses, isang napakalaking bilang ng mga tao ang nagkatipun-tipon sa palibot Niya, libu-libo. “Isa Siyang dakilang Tao! Oh, ang propetang ito ng Galilea, ay dakilang

Tao!” Nagtungo Siya sa bawat iglesya. Gusto Siya ng lahat. Subalit isang araw, nagsimula Siyang mangaral ng doktrina sa kanila, at nang magkagayo’y binago niyon ang sitwasyon nang bahagya, nakita n’yo. Hindi na Siya gaanong gusto mula noon, nakita n’yo. Subalit nilalakipan ng tanda ang Tinig.

<sup>107</sup> Natuklasan natin ngayon, na noong lumapit si Felipe sa kinaroroonan Niya, at siya at si Nathanael, si Jesus ay lumingon at tumingin kay Nathanael, at sinabi, “Narito ang isang Israelita na sa kanya’y walang daya.”

<sup>108</sup> Ngayon sasabihin n’yo, “Sa paraan marahil ng pananamit Niya.” Magkakatulad naman ang kasuotan nilang lahat. Kita n’yo?

“At isang Israelita na sa kanya’y walang daya.”

<sup>109</sup> Ngayon iyon, ay halos, ikinagulat niya nang lubha na hindi na niya malaman kung ano ang gagawin. Sinabi niya, “Rabi, kailan Mo pa ako nakilala? Aba, ni hindi Mo pa ako nakita. Ito pa lang ang unang beses nating nagkakilala. At sinasabi nila sa akin na doon Ka nakatira sa Betania, at—at paano—paano Mo ako nakilala?”

<sup>110</sup> Buweno, inakala niya, na kapag dumating ang Mesiyas, na—na, “Kukuha ang Diyos ng kung anong uri ng panikwas at hahatakin ito, at ang mga pasilyo ng Langit ay bababa sa . . . sa kanilang naglalakihang makadenominasyong tuntungan doon, at sasabihin, ‘Caifas, isinusugo Ko na sa iyo ang Aking Mesiyas ngayon.’ Sasabihin Niya, ‘Dumating na Ako.’ At darating naman ang mga Anghel, sasabihin, ‘Siya Ito.’”

<sup>111</sup> Kita n’yo, iyon ang dahilan kaya ginagawa Niya ito. Pagkatapos ay lumalagpas ito sa ulunan ng mga taong iyon, na nangatutulong, at hindi na nila kailanman malalaman kung ano ang naganap. Kita n’yo? Pansinin, hayun Siya. Nakatayo Siya doon.

Sinabi niya, “Kailan Mo ako nakilala, Rabi?”

<sup>112</sup> Sinabi Niya, “Bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno, ay nakita na Kita.” Oh, naku! Anong mga mata!

<sup>113</sup> Nakikita ka Niya ngayon. Nakikilala ka Niya ngayon. Sadyang Siya’y nananatili pa ring, kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>114</sup> Anong mga mata! Labinlimang milya, nang nakaraang araw bago iyon, doon sa kabundukan, “Nakita Kita nang ikaw ay nasa ilalim ng puno.”

<sup>115</sup> Ano’ng ginawa niya? Nagtatakbo siya at napaluhod, at sinabi, “Ikaw nga . . . Rabi, Ikaw ang Hari ng Israel! Ikaw ang Anak ng Diyos!” Pinaniwalaan niya ito. Bakit? Lubos Siyang naipakilala na Siya nga ang Salita. Dahil nagagawa Niyang kumilala ng mga pag-iisip na naroon sa puso. Oo. Hayun Siya, na nakatayo doon.

<sup>116</sup> Ngayon may mga naroroong nakatayo, na hindi naniniwala doon. Hindi. Marami sa kanila ang hindi naniniwala dito. May ilan sa mga saserdote at mga ganoon na nandoon, sabi nila, “Si Beelzebub ang Taong Ito.” Sila . . . Ang—ang—nagawa na ang bagay, naipakilala na ang Kasulatan, at pagkatapos ang—ang—ang mga klerigo ng araw na iyon ay kinailangang magbigay ng kasagutan sa kanilang kongregasyon. At hindi nila iyon masagot sa—sa anumang iba pang paraan, kundi ang sabihin lamang kung Siya na nga ba o hindi Siya iyon, kaya sinabi nila, “Ginagawa ito ng Taong ito sa pamamagitan ni Beelzebub.” Sa ibang salita, “Isa Siyang manghuhula, isang masamang espiritu.” Nalalaman ng kahit na sino na ang manghuhula ay isang diablo. Kaya sinabi niya, “Ginagawa ng Taong ito ang kasamaang ito sa pamamagitan ni Beelzebub.”

<sup>117</sup> At sinabi ni Jesus, “Ngayon, ipatatawad Ko iyan sa inyo.” Hindi pa naisasagawa ang paghahain, hindi pa nagagawa ang pagtutubos. “Ngunit,” sinabi Niya, “kapag pumarito na ang Espiritu Santo, ang gawin ito, ang isang salita na laban Dito ay hindi na ipatatawad kailanman, sa panahong ito o maging sa panahong darating.” Kaya nakita ninyo kung saan tayo dinadala nito ngayon.

<sup>118</sup> Ngayon, isang bagay talaga ito, at, gayunman sina Felipe at Nathanael ay sumampalataya nang buong puso nila. Ngayon sa ganoong paraan ipinakilala ni Jesus ang Kanyang Sarili, kahapon, bilang siyang Mesiyas. Ngayon, alam nating lahat . . . Ilang sandali na lang.

<sup>119</sup> Alam nating lahat na may tatlong lahi lamang ng tao sa mundo, at 'yun ang mga anak ni Noe, sina Ham, Shem, at—at Japhet; kita n'yo, at 'yun ay Hudyo, Gentil, at Samaritano. Ngayon tayo, bilang mga Gentil, tayo'y mga pagano, ang mga Romano at kung anu-ano pa, noong mga araw na iyon, ang mga Anglo-Saxon, at sumasamba tayo noon sa mga rebulto. Subalit naghihintay ang mga Hudyo ng isang Mesiyas. At naghihintay ang mga Samaritano ng isang—isang—isang Mesiyas.

<sup>120</sup> Ngayon, sinabi ni Jesus, noong Siya'y nasa Kanyang daan na patungong Jerico, doon lang sa ibaba ng burol mula sa Jerusalem, “Kailangan Kong magdaan sa Samaria.” Kaya nagtungo Siya doon, sa Samaria, at naupo sa pintuang-bayan, sa may balon. Mayroong . . . Kagaya pa rin ito noon. Hindi pa nagbago ang mga iyon ni katiting man. Naroon ang lumang tanawin na gaya nito rito, at tumutubo ang mga baging sa batong pader. At—at naupo lamang Siya, at pinapunta ang Kanyang mga alagad dito sa maliit na bayan, na tinatawag na Sicar, para kumuha ng ilang makakain, pagkain.

<sup>121</sup> At habang wala sila, isang kilalang maruming babae . . . Marahil, gaya nga ng sinabi ko, ang bata pang babaeng iyon marahil ay ipinagtabuyan sa lansangan mula sa, hindi sa

pagiging pabayang kabataan, marahil ay sa kapabayaang ng magulang. Hinayaan nila siyang lumabas doon sa lansangan, at marahil ay isang magandang dalaga, at nakagawa siya ng masama.

<sup>122</sup> At nagpunta siya roon upang kumuha ng tubig niya, dahil hindi siya makakapuntang kasabay ang mga birhen, hindi sila . . . mabubuti't kagalang-galang na mga babae. Hindi nila iyon magagawa. Kukuha muna sila ng sa kanila. Saka—saka pa lang pumupunta ang iba pa sa kanila, mga patutot at mga ganun, sa araw. Kinukuha ng mga birhen ang kanilang . . .

<sup>123</sup> Buweno, kung paano ko sila minasdan na ipinapatong 'yung malaking limang galong banga sa ibabaw ng kanilang ulo, 'yung malaking banga, at tig-isa sa magkabilang balikat, at lalakad, na nagkukuwentuhan, gaya ng nagagawa ng mga kababaihan, at wala man lang natatapon ni gapatak nito. Hindi ko alam kung paano nila 'yon nagagawa, pero nagagawa talaga nila 'yon.

<sup>124</sup> Pero sila, natapos na roon, at saka siya nagpupunta upang imigib ng tubig niya para sa maghapon. Nakaalis na ang iba pa sa kanila; mga bandang tanghali na marahil. At kinuha niya ang mga hawakan at inilagay ito sa ikiran, upang maibaba ito, para kumuha ng . . .

<sup>125</sup> Kita n'yo, parang isa itong uri ng tila ba isang banga. At ito'y—at mayroon itong isang—isang hawakan sa palibot nito. At inilagay nila 'yung mga kawit sa palibot ng mga hawakang iyon, at, dahil sa mabigat, kapag bumaba na ito, ito'y sumasalok nang pataob. Saka nila hihilahin pataas ang tubig. Gaya lamang na minsa'y ginawa natin ito dito sa mga lalawigang ito, at iba pa, pero mayroon silang parang isang batya na ibinababa natin.

<sup>126</sup> Ngayon, ating—makikita natin na sinimulan niyang ibaba itong pitsel doon sa balon, at narinig niya ang isang tao, sabi, “Babae, painumin mo Ako.” At nagpalinga-linga siya, nakita niyang nakaupo doon ang isang Lalaking nasa kalagitnaang-gulang.

<sup>127</sup> Siya—mas matanda marahil Siyang tingnan kaysa sa kung ano nga Siya, dahil makikita natin dito sa San Juan 6, na, sila doon sa kapistahan, sinasabi nilang . . . Sinabi Niya kung ano ang Kanyang—kung ano Siya. At sinabi nila, “Buweno, sinasabi Mong nakita Mo na si Abraham, at Ikaw ay isang Lalaking hindi pa lampas ng limampung taong gulang?” Kita n'yo, “hindi pa lampas,” kita n'yo, mukha na siguro Siyang limampu noong tatlumpu pa lamang Siya. Sabi, “Ikaw, hindi Ka pa lampas ng limampung taong gulang, at sinasabing nakita Mo na si Abraham?”

Sinabi Niya, “Bago ipinanganak si Abraham, ay Ako nga.”  
Kita n'yo?

128 Kaya nga nalaman nating medyo mas matanda marahil Siyang tingnan, na noo'y nakaupong nakasandal sa gilid ng pader.

129 Hindi natin alam kung ano talaga ang itsura Niya. Hindi ko malalaman. Isang dalubhasa sa psychiatry o sikolohiya ang ipinagpipinta tayo ng isang larawan, pero isa si Hofmann, at si Sallman, at kung sino pang iba, pero iyon lamang ang palagay nila tungkol dito. Kita n'yo? Sadyang hindi natin alam kung ano ang itsura Niya.

130 At hayun Siyang nakaupo doon, at pagkatapos ay sinabi Niya ang ganito. At ngayon ay lumingon Siya, ang babae sa Kanya, nang mabilis, at ipinaalam sa Kanya, "Isa itong segregasyon." Sinabi Niya... "Ngayon sandali lang." Sabi, "Ngayon, isa Kang Hudyo, at ako'y isang Sam-... isang babaeng taga-Samaria, at hindi tayo nangakikipag-usap sa isa't isa."

131 At sabi, sinabi Niya, "Subalit kung napagkikilala mo kung Sino ang kausap mo, ay hihingi ka sa Akin ng inumin. Aking dala, bibigyan ka ng Tubig na hindi mo na kailangang umigib pa."

132 At, ang pag-uusap, ano ba ang ginagawa Niya? Sinisikap Niya ngayon kaugnayin noon ang espiritu nito, kita n'yo, upang makita kung ano ang nasa loob niya. Ngayon isinugo Siya doon ng Ama, gaya rin naman ng paniniwala ko na isinugo ako dito ng Ama. Kita n'yo? Pero sa kung ano, hindi ko alam. Kita n'yo? Subalit hayun Siya, at nakikipag-usap Siya dito.

133 At sinabi nito, "Oh, sinasabi Mo, 'Sumamba sa Jerusalem.' Nagsisamba ang aming mga magulang sa bundok na ito," at ang tungkol sa balon, at iba pa.

134 Sinabi Niya, "Dumarating ang panahon, at ngayon nga, at hinahanap ng Diyos kung sino ang mga sumasamba sa Espiritu at Katotohanan."

135 Nagpatuloy ang pag-uusap hanggang sa matuklasan Niya kung ano ang bumabagabag dito. Ilan sa kongregasyon ko sa gabing ito, ang nakakaalam kung ano ang bumabagabag dito? Sigurado, napakarami nitong asawa. Kaya sinabi Niya...sabi Niya, "Humayo ka't sunduin mo ang asawa mo at pumarito ka."

At sinabi nito, "Wala akong asawa."

136 Sinabi Niya, "Katotohanan nga ang sinabi mo. Nagkaroon ka na ng lima, at ang isang kinakasama mo ay hindi sa iyo."

137 Masdan ngayon. Tingnan n'yo 'yung mga sinanay na mga saserdoteng iyon, na nangabigong makita ang Salitang iyon na nahayag. Nang ginawa Niya 'yun sa harap nung mga saserdote, sinabi nila, "Siya si Beelzebub."

138 Tingnan n'yo ang babaeng ito sa kanyang katayuan, kung anong kalagayan ang kinasadlakan niya, isang kilalang maruming babae, na nagkaroon ng anim na asawa, at heto siya't

naroon sa may balon. At ang babaeng iyon sa gayung katayuan, tingnan n'yo, mabilis niyang sinabi, "Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang propeta. Hindi pa kami nagkakaroon ng propeta sa loob ng daan-daang taon. Napaghahalata kong Ikaw ay isang propeta. Naghihintay kami ng isang Mesiyas, at, kapag naparito na ang Mesiyas na ito, ganito ang Kanyang tanda. Ganito ang Kanyang gagawin sa pagparito Niya." Amen. Oh, naku!

<sup>139</sup> Hayan na. Ang babaeng iyon, sa kanyang kalagayan, ay higit pa ang nalalaman tungkol sa Salita ng Diyos kaysa sa nalalaman ng kalahati sa mga mangangaral sa bansa. Siyanga. Siyanga. Sinabi niya, "Alam ko, na kapag naparito na ang Mesiyas, na tinatawag na Cristo, sa pagparito Niya, ay ganyan ang Kanyang gagawin." Kung Siya iyon kahapon, iyon Siya ngayon. Kita n'yo? Sa ganoong paraan Niya ipinakilala ang Sarili Niya, kapuwa sa Hudyo at sa Samaritano. Kita n'yo? Pansinin, Siya 'yun kahapon.

<sup>140</sup> Sinabi nito, "Nalalaman ko, na sa pagparito ng Mesiyas, ay ipahahayag Niya sa amin ang mga bagay na ito, ngunit Sino Ka nga?"

Sinabi Niya, "Ako nga Siya, na nagsasalita sa iyo."

<sup>141</sup> Nagtungo siya sa bayan, na iniwanan ang banga ng tubig na 'yon. Sabi, "Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang isang Lalaki na Siyang nagsabi sa akin ng mga bagay na aking nagawa. Mangyari kayang iyon na mismo ang Mesiyas?"

<sup>142</sup> Iyon ang Kanyang pagkakakilanlan sa Kanyang mga Hudyo, at sa Samaritano; subalit hindi sa Gentil, hindi ni minsan sa isang Gentil. Subalit sa Lucas, sa ika-17 kabanata, ay sinabi Niya, "Sa mga huling araw, kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, kapag inihahayag na ang Anak ng tao, na gaya nga ng kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma." Ngayon, noong panahon nga ng Sodoma. At magtatapos na tayo. Pansinin, mayroong. . .

<sup>143</sup> Laging masdan, palaging may tatlong klase ng mga tao, kahit saan; ang isa sa mga iyon ay mananampalataya, nagkukunwaring-mananampalataya, at di-mananampalataya. Sila'y nasa lahat ng dako. Masdan n'yo 'yan.

<sup>144</sup> Masdan si Jesus na ipinapakilala ang panahon ni Lot sa Kanyang pagparito. Ngayon masdan, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Lot." Ngayon, anong uri ngayon? Tinukoy Niya ang noon. Binabasa Niya ang siya ring Aklat ng Genesis na binabasa natin. Si Jesus nga. "Ang mga araw ni Noe," at, pagkatapos ay, "gaya ng mga araw ni Lot." Nagbabalik-tanaw at tinitingnan kung ano ang ginagawa nila noong panahon ni Noe, at noong panahon ni Lot, sapagkat iisang Kasulatan ito.

<sup>145</sup> Mapapansin natin ngayon, noong panahon ni Lot, na may isang tao na tinawag palabas mula sa gitna ng bayan. At may

kasama siyang isang pangkat, na kumakatawan sa Iglesia, sa espirituwal. At ang Iglestyang iyon, sa espirituwal, ay ang pangkat ni Abraham.

<sup>146</sup> Saka mayroon siyang isa doon, ang pamangkin niya, na iniwan siya, na nagngangalang Lot, at naparoon at nanirahan sa Sodoma. At lubhang nabagabag ng mga kasalanan ng Sodoma ang kanyang kaluluwa; iyon nga lamang, ay ayaw siyang payagan ng kanyang maybahay na gumawa ng anumang bagay tungkol dito. Kasapi ito sa lahat ng mga samahan at mga ganoong bagay.

<sup>147</sup> At sadyang napakaraming mga Lot na nangakaupo sa tabi-tabi sa mga araw na ito, at nalalaman namang mali ang bagay. Ngunit ang babaeng iglesia na kinaaaniban nila, kung magsasabi sila ng anumang bagay tungkol dito, ay kukunin ang kanyang kard; samakatuwid baga'y pinagkukunan iyon ng ikabubuhay. Kaya ganun nga, nalaman na ito'y . . .

<sup>148</sup> Ngayon sandali. Naghihintay si Abraham ng isang ipinangakong anak, (tama ba?), isang espirituwal, na ipinangakong anak. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>149</sup> Ngayon, at naroon si Lot, nakalimutan na ang tungkol sa anak na lalaki. Naroroon lamang siya na kasamang namumuhay ang asawa niya, at ang kanyang mga anak, at lahat na doon sa Sodoma. Naging alkalde na siya ng bayan, at isa siyang kilalang tao. Kasapi ang maybahay niya sa lahat ng mga samahan. Nakakasabay talaga sila.

<sup>150</sup> At saka pansinin ang tagpong iyon ngayon. Ngayon bigyan n'yo lamang ako ng isang minuto lang o dalawa pa, ng inyong pansin, nang maigi. Masdan ang tagpo. Hindi pa napasa ganoong kalagayan ang sanlibutan, mula noon, na gaya nito ngayon, ang ganap na pagkakasaayos na ganoon. Tingnan n'yo rito, ang pangkat na tinawag-palabas. Ngayon, may tatlong Anghel na nagpunta kay Abraham, at dalawa sa kanila ang nagtungo doon sa Sodoma. Ang Isa sa kanila ay nanatiling kasama ni Abraham, at yaong Isang nanatiling kasama ni Abraham. . .

<sup>151</sup> Yaong dalawa'y nagtungo sa Sodoma at nangaral tungo sa pagsisisi, at "Magsilabas kayo dito! Lumabas kayo dito," sabi niya.

<sup>152</sup> Ngunit yaong Isa na nanatiling kasama ni Abraham, masdan kung paano Niya ipinakilala ang Kanyang Sarili kay Abraham. Ngayon alalahanin, si Abraham ay dating "Abram," isang araw o dalawa bago 'yon, at si Sarah ay—ay hindi pa "Sarah." Ngayon siya na si A-b-r-a-h-a-m, A-b-r-a-h-a-m, pitong letra. At siya na si S-a-r-r-a-h, lima, biyaya, kita n'yo; hindi S-a-r-r-a, kundi S-a-r-a-h, kita n'yo, Sarah. At masdan ang Isang ito na nakaupo dito ngayon, na kumakain ng guya, umiinom ng gatas ng baka, at ng mantekilya, at kumakain ng tinapay na mais. Nakaupo roong kumakain, na nakikipag-usap kay Abraham, at sinabi

Niya, “Abraham.” Paano naman Niya nalaman na Abraham ang pangalan nito? Ang Salita. Siya ang Salita, na nakakabatid. “Abraham, saan naroon ang iyong asawa, na si Sarah?”

<sup>153</sup> Hindi nagsisikilos ang mga kababaihan nang mga araw na iyon na gaya ng ikinikilos nila ngayon, alam n’yo na, na kailangan pang makialam sa gawain ng asawa at kung anu-ano pa, alam n’yo. Lumalayo sila, kita n’yo, kaya sila . . . Kaya naroon siya sa . . . Sinabi nito, “Naroon siya sa tolda, sa likod Mo.”

<sup>154</sup> At sinabi Niya, “Ako,” ngayon isa ’yang panghalip panao, ha, “Ako’y dadalaw sa iyo ayon sa pangako.” Ipinangako iyon dalawampu’t limang taon bago pa iyon. Siyamnapu na ang babae, at siya nama’y isang daan na. Hayun nga siya, nangingintab na ang kalbo niyang ulo, nakalaylay na ang mga puti niyang balbas. Ang babae naman, isang munting butihing lola na may dala-dalang maliit na tungkod sa kanyang kamay, na naroon sa likuran, na may isang maliit na balabal na nasa balikat nito. “Ako’y dadalaw sa iyo, at mapapasa iyo yaong ipinangakong anak.”

<sup>155</sup> Masdan, at tinawanan ito ni Sarah. Sinabi niya, “Paano nga mangyayari ang mga bagay na ito? Matanda na ako, at ang aking panginoon,” ang kanyang asawa, “ay matanda na, rin.” Nakita ninyo kung ano ang ibig kong sabihin, wala na ang ugnayang pagpapamilya nang mga taon at taon at taon na. Aba, siyamnapung taon na siya, at ito nama’y isang daan na. Patay na ang kanyang sinapupunan; ang daluyan ng buhay ng lalaki ay natuyo na at wala na. Wala nang paghahangad. Sabi, “Ako, na tulad ng isang bata pang babae, magtatamo ng kaligayahan sa aking asawa, na siya’y matanda na rin?” Aba, natawa siya.

<sup>156</sup> At ang Anghel, o ang Mensahero, ang Lalaki na nakatalikod ang Kanyang likod sa tolda, ay nagsabi, “Bakit ba sinabi ’yan ni Sarah?” Kita n’yo? Ano iyon? Masdan ngayon. At pagkatapos, matapos maisagawa ang hain, ay nawala na Siya.

<sup>157</sup> Ngayon alalahanin, tinawag ni Abraham ang Lalaking iyon na, “Elohim.” Ilan sa mga nagbabasa ang nakakaalam ninyo? Alam n’yo ito. Siyanga. “Elohim,” iyon ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat na nasa anyong tao. Siya ang Salita, dahil nagagawa Niyang kumilala ng mga pag-iisip. Kita n’yo?

<sup>158</sup> Ang Diyos na nasa laman, ano ang ipinapatotoo nito? Na, “Sa mga huling araw,” sinabi ni Jesus, “bago pa . . . kapag inihahayag na ang Anak ng tao sa Kanyang ipinangakong Iglesya,” sa Iglesyang wala doon sa Babilonia.

<sup>159</sup> Mayroon tayong iglesyang Babilonia, alam n’yo ’yan, ang mga denominasyon. Naroon sila sa Babilonia. At mayroon tayong isang—isang Billy Graham at isang Oral Roberts, at sila na nandoon sa labas na nangangalampag sa mga ito, din naman. At alalahanin, sino man sa inyo na mga mananalaysay, wala pa ni isa mang tao, sa buong kasaysayan ng mga kapanahunan



ng iglesia, na nagpunta na sa Babilonia roon, na nangangaral, at nagtatapos ang pangalan niya sa h-a-m, hanggang ngayon: si Billy G-r-a-h-a-m, na aanim, hindi pito. Masdan doon ang naturang mensahero, na nangangaral tungo sa pagsisisi, at binubulag ang kanilang mga mata sa pamamagitan ng Ebanghelyo.

<sup>160</sup> At mayroong Isa para sa tinawag-palabas, na hinirang na Iglesia, na ipinapamalas ang tanda na ang Diyos ay nasa laman.

<sup>161</sup> Si Jesus ay ang Diyos na nasa laman. At kung nasa sa inyo si Jesus, sa gabing ito, ang Diyos pa rin ito na inihahayag ang Kanyang Sarili sa mga huling araw, ang Anak ng tao na inihahayag ang Kanyang Sarili sa Kanyang Iglesia, ang katawang-tao, na ipinapakilala ang Kanyang Sarili. Nakuha n'yo ba? Kita n'yo? Ang Diyos, na bumaba dito sa Kanyang Iglesia, na pinapaging Salita muli ang Kanyang Sarili, ang Anak ng tao na inihahayag sa mga huling araw, na gaya ng nangyari noong panahon ng Sodoma.

<sup>162</sup> Ngayon, alalahanin, kung ibinigay ng Diyos sa mga Hudyo at sa mga Samaritano ang tanda na iyon, na Siya ang Salita, ang Propeta na ipinangusap ni Moises, ang mga Gentil... Pagkatapos nilang gugulin ang apat na raang taon para hintayin Siya, nagkaroon na tayo ng dalawang libong taon para hintayin Siya, kailangan Niyang ipakilala ang Kanyang Sarili sa atin sa ganoon ding paraan, na gaya ng ginawa Niya noon, kundi ay nagkamali Siya noong ipakilala Niya ang Kanyang Sarili noong panahong 'yon. Kailangang kumilos ang Diyos sa iisang panahon, sa iisang pamamaraan sa bawat pagkakataon, kundi ay nagkamali Siya ng pagkilos noong unang pagkakataon. Kung iniligtas Niya ang isang tao na ang batayan ay ang kanyang pananampalataya...

<sup>163</sup> Tingnan n'yo, hindi nagbabago kailanman ang Diyos, mga kaibigan. Noong naligaw ang tao, sa Halamanan ng Eden, at naghahanap siya noon ng habag, ay gumawa ang Diyos ng isang pasya kung paano Niya ililigtas ang tao. At iniligtas Niya ito sa pamamagitan ng ibinuhos na dugo ng isang walang-sala. Tama ba? Hindi Niya ito kailanman binago. Nagsipagtayo na tayo ng mga hindi yudad, ng mga moog; nagsipagtayo na tayo ng mga pangdenominasyon, mga pang-edukasyong sistema, at nananatili pa rin itong ganoon; mayroon tayong mga denominasyon at lahat na ng uri ng mga bagay. Ngunit nagliligtas lamang Siya sa pamamagitan ng Dugo. Hindi Niya ito maaaring baguhin. Ang Diyos kailanma'y mananatiling tapat sa Kanyang sistema, sa Kanyang Salita. Anuman ang ginawa Niya nang unang pagkakataon, tiyak na gagawin Niya itong muli, kundi ay nagkamali Siya ng paggawa noong unang beses.

<sup>164</sup> Samakatwid, anuman itong ipinapangako ng Salita ng Diyos, ay ganoon nga ang mangyayari. At si Jesus Cristo ay

siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kailangang ganoon pa rin ang gawin Niya. Kailangang ganoon pa rin ang pagkilos Niya. Kailangan na manatili Siyang ganoon pa rin, gaya ng ipinangako Niya sa mga huling araw na Siya'y mapapasa Kanyang Iglesya.

<sup>165</sup> At, alalahanin, iyon ang huling tanda na mayroon ang Iglesya bago dumating ang ipinangakong anak. Nakita ni Abraham ang maraming tanda at mga kababalaghan, subalit iyon na ang huli, ang huling pagdalaw bago dumating ang ipinangakong anak. Tama ba? Alamin.

<sup>166</sup> Ngayon, iglesya, masdan, kung ano ang nangyari nang panahong iyon. Nagkaroon na tayo ng lahat ng uri ng mga tanda, mga pagpapagaling, mga himala, pagsasalita sa iba't ibang wika, mga propesiya; ngunit, alalahanin, kailangan nating magkaroon ng isang huling tanda bago pa . . . Alalahanin, mundo 'yon ng Gentil na sinunog. Ganyan nga ang mangyayari dito sa ngayon. Bago lang ang pagsunog, ay ihahayag ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili. Ah, dinggin, "Kaunti pang panahon, ay hindi na Ako makikita ng sanlibutan, ngunit gayun ma'y makikita ninyo Ako sa wakas. Ako'y sasainyo, sa inyo mismo, sa katapusan ng sanlibutan." Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. "Mga ginoo, ibig sana naming makita si Jesus."

Iyukod natin ang ating mga ulo.

<sup>167</sup> Makalangit naming Ama, sinasabi po sa amin sa Mga Kasulatan na ibinangon Siya ng Diyos sa ikatlong araw. Sinasabi sa amin sa San Juan, sa ika-14 na kabanata, ang ika-12 talata, sinabi ni Jesus, "Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa. Mas higit pa dito ang kanyang gagawin, sapagkat Ako'y paroroon sa Aking Ama."

<sup>168</sup> Panginoong Jesus, ang mga oras ay dumidilim na't pumapanglaw. Naligaw na ang iglesya, doon sa ilang, nagpapagala-gala, mula sa mga taong nagpapalipat-lipat mula sa isang organisasyon patungo sa isa pa, mula sa isang denominasyon patungo sa iba pa.

<sup>169</sup> Pumarito Ka, sa Iyong ipinangakong Salita. Pumarito Ka, Panginoong Jesus, at pumasa amin, sa gabing ito. Pumasok Ka sa bawat pusong naririto. Pumasok Ka sa puso ko at sa buhay ko. At nawa'y ipakilala Mo ang Iyong Sarili na taglay ang aming pananampalataya sa Iyo, sa gabing ito, na bumangon Ka mula sa mga patay. Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Makita Ka nawa namin, Panginoon, sa munting pangkat na ito ng mga taong aba. Habang nagkakatipon kaming lahat dito, naririto kami dahil naghahanap po kami ng Buhay. Sadyang napakadakilang bagay, ang malaman na ang pagkabuhay na muli at ang Buhay ay nasa

aming kalagitnaan, na ipinakikilala ang Kanyang Sarili, hindi sa kung ano mang mistikong bagay, kundi ayon sa ipinangakong Salita. “Kung ano ang nangyari noong panahon ni Noe, at gaya noong panahon ni Lot, kapag inihahayag na ang Anak ng tao.”

<sup>170</sup> Dalangin ko po, Ama, na Iyong ipagkakaloob ito, ngayong gabi, na, ang mga taong naririto na may sakit at nangangailangan. At doon sa mga may sakit sa kaluluwa, doon sa basta na lamang inianib sa iglesia at ni wala man lamang nalalaman tungkol sa pagtanggap sa Espiritu Santo, at masdan Itong sang-ayunan ang bawat Salita sa pamamagitan ng “amen,” na nasa Biblia. Isang mahiwagang Aklat ang Biblia sa kanila; hindi nila Ito mapag-unawa. Matanggap nawa nila ang Tagapagpaliwanag ng Salita, sa gabing ito, na hindi na nangangailangan pa ng sinuman upang ipaliwanag Ito kundi Siya lamang, na ginagawa Itong tunay sa kanilang buhay. Ipagkaloob ito, Ama. Hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>171</sup> Lampas na marahil ako ng sampung minuto, ngayong gabi, dahil sa haba. Ipagpaumanhin ninyo. Pero tatawag na lamang tayo ng ilan sa mga prayer card, hayaan silang maipanalangin ang mga iyon.

<sup>172</sup> Ngayon, tatanungin ko kayo ng isang bagay, ngayon, huwag—huwag tumayo at magpagala-gala. Maaari ba? Manatili lamang na nakaupo. Maliban, na kayo lamang—isa lamang, gaya ng isang maliit na bata o anuman, na kailangan ninyo itong madala. Pero kung mananatili lamang kayong nakaupo nang ilang minuto, lamang. . .

<sup>173</sup> At tingnan natin kung paririto Siya, kung paririto Siya at ipakikilala ang Kanyang Sarili, sa gabing ito. “Mga ginoo, ibig sana naming makita si Jesus.” At inyong makikita ang Kanyang Buhay na nabubuhay, mismo, na ginagawang ganap kung ano ang ginawa Niya noon, sapagkat kailangan Niyang gawin ang gayon din. Kita n’yo?

<sup>174</sup> Sinabi Niya, “Ako ang . . .” Ano? Ang Puno. “Kayo ang . . .” Ano? Mga sanga. Buweno, ngayon, paano nga ba. . . Anumang uri ng Buhay ang nasa Puno ay kinakailangang naroon din sa sanga. Ngayon tingnan, sabihin na, narito ngayon. . .

<sup>175</sup> Kayong mga tao, hindi ba’t nagtatanim kayo dito ng prutas, ng prutas na citrus at mga kung anu-ano? [Sinabing isa, “Mga duhat.”—Pat.] Ano? [“Mga duhat.”] Mga duhat. Siyanga. Nagtatanim kayo. . .

<sup>176</sup> Tumingin dito. Kapag nagsanga na ang inyong puno at nag-usbong na ng isang sanga mula doon sa naturang puno, at anumang bunga na naroon sa punong ’yon, kapag nag-usbong ang punong iyon ng isa pang sanga, ay magiging ganoon din ito.

<sup>177</sup> Kasama kong nakatayo noon ang kaibigan ko, ilang taon na ang nakararaan, doon sa Arizona, si Ginoong Sharrit. At

mayroon siyang isang puno ng citrus doon, sa palagay ko'y mayroon itong siyam na iba't ibang bunga dito. At mayroon itong lemon, suha, tangerine, tangelo, kahel. Sinabi ko, "Anong uri ba ng puno 'yan?"

Sabi, "Puno ito ng kahel."

"Buweno," sinabi ko, "buweno, paano napunta ang mga 'yan diyan?"

Sinabi niya, "Inihugpong ko ang mga 'yan."

<sup>178</sup> "Oh," sabi ko, "nakita ko na, Kapatid na Sharrit." Sabi ko. . . Ang alam ko'y kasama ko si Kapatid na Sharrit noong huling beses akong naparito. At kaya sinabi ko, "Buweno, Kapatid na Sharrit, ngayon, sa susunod na taon, magiging kahel nang lahat ang mga 'yan, at hindi na. . ."

<sup>179</sup> "Naku, hindi. Hindi, hindi. Huh-uh." Sabi niya, "Mamumunga ng suha ang suha. Mamumunga naman ang lemon ng lemon."

"Buweno," sabi ko, "paano 'yon?"

Sabi niya, "Citrus ang lahat ng ito."

<sup>180</sup> "Oh!" Saka ko lang ito nakuha. Sabi ko, "Ganoon nga." Sabi ko, "Salamat sa Iyo, Panginoon."

<sup>181</sup> Kita n'yo, inihuhugpong natin ang mga organisasyon natin sa Punong ito, mabubuhay ito sa pamamagitan ng Puno, pero ibinubunga nito 'yung uri ng bunga nito. Subalit kung 'yung puno ng kahel ay mag-usbong pa ng isa pang sanga, mamumunga ito ng mga kahel. At kung ang Buhay na 'yon ay nagmula kay Jesus Cristo, at nagsisulat sila ng isang Aklat ng Mga Gawa sa likod ng unang Iglesyang iyan, kung mag-uusbong siya ng isa pa, susulat ito ng isa pang Aklat ng Mga Gawa sa likod nito, na may ganoon pa ring bagay, dahil kailangang maging ganoon din ito. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

<sup>182</sup> Wala nang oras para matalakay lahat ang mga 'yon. Kaya atin lamang, bilisan ngayon, habang mayroon pa tayong ilang minuto, simulan sa M bilang isa, dalawa, tatlo, apat, lima. Itaas ang mga kamay ninyo, kayo na mayroong. . .

<sup>183</sup> Na kanino ang M bilang isa? Narito ba? Prayer card M bilang isa? Sigurado ka ba. . . Oh, M bilang isa, nasa iyo ba ang prayer card bilang isa? Na kanino ito? Ang binibini diyan na may bilang isa, lumapit ka sa banda rito. Diyan ba—dito mo ba sila dinadala? Bilang isa, lumapit ka dito, binibini.

<sup>184</sup> Bilang dalawa, na kanino ang prayer card bilang dalawa? Dito mismo. Sige, lumapit ka sa banda rito mismo, ginoo. Tatlo, itaas ang kamay mo.

<sup>185</sup> Ngayon pakibantayan nga itong mga taong nasa mga stretcher, kapag tinawag na ang mga kard nila, pakibuhat

silang dito, dahil sa palagay ko'y walang isa man sa kanila ang nakakalakad, at 'yung ginoo doon na nasa wheelchair. Sige.

<sup>186</sup> Isa, dalawa, tatlo. Prayer card bilang tatlo? Sige, tatlo. Apat, apat, prayer card bilang apat. Hayaan... Tumingin ngayon sa kard n'yo, kaagad-agad. Lima. Naroon, tumayo ka. Pumunta ka na dito, ginoo. Anim, prayer card bilang anim, anim. Pito. Ito ba—ito bang... Pranses ba ang salita ng mga taong ito? O, pito, sige. Walo, walo. Tumingin, maaaring isa itong bingi, o kung ano. Walo, sige. Sige, ngayon tingnan-tingnan n'yo. Pakitingnan, pakitingnan-tingnan nung mga umaasiste 'yung mga kard sa gawing iyon. Walo, siyam; siyam, sampu. Talagang hindi ninyo malalaman kung nasaan ang mga iyon. Talagang nagkahalu-halo na ang mga iyon at ipinamimigay sa kung saan-saan, nakita n'yo. Sampu. Sige. Labing-isa, labing-isa. Nasa iyo ba ang labing-isa, prayer card labing-isa? Sige, sa gawing ito, labing-isa.

<sup>187</sup> Labindalawa, prayer card labindalawa. Iyon kaya'y pos-... Pranses ba ang salita nila? [Isang kapatid na lalaki ang nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Ano, ano, huh? Oh. Kung nakilala na kita... Pranses ang salita mo, hindi ba...? ... Labindalawa.

<sup>188</sup> Labintatlo. Tingnan-tingnan, baka isa itong bingi, nakita n'yo; hindi sila makarinig, basta na lamang silang nakaupo diyan, na may hawak-hawak na isang kard. Labintatlo. Labing-apat, labing-apat, prayer card labing-... labing-apat, labing-apat. Pakitingnan ang ilan, pakitingnan ang katabi n'yo, baka may hawak-hawak siyang kard, nakaupo riyan na bingi, alam n'yo na, at hindi siya makarinig ng anumang sakal, saka tayo... bumabalik ito sa ganoong paraan. Labing-apat. Ngayon, hindi maaaring ipagpalit ang mga prayer card, at ang mga iyon ay dapat nga; dapat lumapit ang tao para kumuha ng kanilang kard at hawakan ang kanilang kard. May lumabas marahil.

<sup>189</sup> Buweno, labinlima. Buweno, tayo'y, hihinto na tayo. Buweno, sige na. Nasa iyo ang labinlima, sige na. Ayos lang 'yan.

<sup>190</sup> Ngayon maghintay muna tayo dito sandali, saka, kita n'yo, habang naghahanda tayo. Buweno, ngayon, pakiusap na maging lubos na mapagpitagan at tahimik na maupo, sandali.

<sup>191</sup> Ngayon, lahat ng nasabi ko sa gabing ito, ilan ang sumasampalatayang pangako ito ng Kasulatan. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga. Ngayon, ngayon, kung totoo ba ito, ang kasunod na bagay. Kita n'yo? Totoo ba ito? ["Amen."] Buweno, kung totoo ito, kung gayo'y Salita ito ng Diyos, kung gayo'y obligado Siya sa Kanyang Salita, sa anumang pangako. Naniniwala ba kayo diyan? ["Amen."] Ngayon kung ipakikilala Niya ang Sarili Niya sa ganoon ding pamamaraan ng pagpapakilala Niya kapuwa sa Hudyo at Samaritano, at

sinabing gagawin Niya itong muli sa mga Gentil sa mga huling araw, sasampalataya ba kayo? Itaas ang mga kamay ninyo, sabihing, “Sasampalatayanan ko ito.” [“Sasampalatayanan ko ito. Amen.”] Ngayon ay mayroon na ngayong . . .

<sup>192</sup> Ang mga taong ito na naririto, ako—sa tingin ko’y walang isa man ditong nakakakilala sa akin. Ako—akala ko’y may nakita akong isa dito kani-kanina, na kilala ko, pero ako—sa palagay ko’y umalis na sila, isang tao. Hindi ko kilala lahat. . . . Ilan sa mga nariyan ang nakakaalam na wala akong anumang alam tungkol sa inyo? Itaas ang mga kamay n’yo, saan mang dako, sa mga balkonahe, saang dako man kayo naroroon. Tiyak nga. Tumingin ngayon, habang inihahanda na nila sila diyari sa ibaba.

<sup>193</sup> May isang munting binibini minsan, at sabihin na nating wala siyang prayer card. May taglay siyang mas mabuting bagay. May pananampalataya siya, at sabi niya, “Sumasampalataya ako sa Lalaking iyon. Kung mahihipo ko lamang ang laylayan ng Kanyang damit, ay gagaling na ako.” Ilan ang nakakaalam na Kasulatan ’yan; ang babaeng dinudugo. . . ? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Buweno.

<sup>194</sup> Ngayoy tingnan pa natin ngayon, itong, isa pang Kasulatan, habang, hanggang sa sabihin nila sa aking nakahanda na sila.

<sup>195</sup> Walang prayer card itong naturang babae, subalit may pananampalataya siya. Sabi niya. . . Wala siyang Kasulatan para dito, gaya ng mayroon kayo, sa gabing ito. Subalit, wala siyang Kasulatan, gayun ma’y sinabi niya, “Kung mahihipo ko ang Kanyang damit! Sumasampalataya ako sa Lalaking iyon. Gagaling ako.” At sumingit siya sa karamihan, at hinipo ang Kanyang damit.

<sup>196</sup> Ngayon, nakakita na ba kayo ng kasuotan ng taga-Palestina? Itoy maluwang na umiimbay-imbay, at mayroon din itong panloob na damit. Ngayon, kapag hinipo mo ang bulsa- . . . bulsa ko sa amerikana ko, hindi ko iyon mararamdaman. Kita n’yo? At nakalaylay ang damit Niya nang ganoon kalayo sa Kanya.

<sup>197</sup> Hindi Niya nadama ang pisikal na paghipo. Kaya, maging Siya’y pinatunayan ’yon, sinabi Niya, “Sino ang humipo sa Akin?”

<sup>198</sup> At sinabi ni Pedro, “Aba, Panginoon,” sa madaling salita, “Pag-iisipin Mo ang mga tao na Ika’y—Ika’y wala sa sarili. Kita Mo, huwag—huwag—huwag Mong sabihin ’yan. Kita Mo? Huwag Mong gawin ’yan, dahil hinihipo Ka ng lahat.”

<sup>199</sup> Sabi Niya, “Subalit naramdaman Kong nanghina Ako.” May lumabas sa Kanya na bisa. Lakas iyon. “Nanghina Ako.” At nagpalinga-linga Siya sa mga nakamasid, at nasumpungan Niya ang naturang babae, sinabi dito ang tungkol sa agas nito, at sinabi na pinagaling na siya ng kanyang pananampalataya.

Ilan ang nakakaalam sa kuwento? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Totoo ‘yon.

<sup>200</sup> Ngayon, ngayon mga ministro, mga kapatid na naririto. Ngayon, sinabi ng Biblia, na, “Siya ang Dakilang Saserdote sa gabing ito na mahihipo dahil sa habag sa ating mga kahinaan.” Tama ba? [Sinasiabi ng mga ministro, “Amen.”—Pat.]

<sup>201</sup> Ilan sa mga naririyang ang sumasampalataya doon? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>202</sup> “Siya ang Dakilang . . . nakaupo sa kanan ng Diyos, sa gabing ito, na isang Dakilang Saserdote na mahihipo dahil sa habag sa ating mga kahinaan.” Kung gayo’y papaano Siya kikilos kapag nahipo ninyo Siya? Kikilos Siya sa ganong ding paraan na ginawa Niya noon, kung Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tama ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>203</sup> Kaya, ngayon, manampalataya kayo, at manalangin kayo, at magtiwala kayo, tingnan kung ano ang ginagawa ng Diyos. Tingnan kung mahihipo ninyo ang Kanyang damit. Hipuin ninyo Siya, sabihin, “Panginoong Jesus, alam kong hindi ako kilala ng mangangaral na ‘yon. Wala siyang alam na anuman tungkol sa akin, gayun ma’y batid Mo po. Kaya, Panginoon, kapag Ika’y mahipo ko, ay mangusap Ka po sa pamamagitan niya.” Ngayon ano ba ito?

<sup>204</sup> Ang kaloob ay hindi isang bagay na kukunin mo na para bang isang—isang panggapas, o isang—o isang kutsilyo, at magpatuloy na gamit ang kutsilyong ‘yon na parang kaloob, nanghihiwa, hindi ‘yan isang kaloob ng Diyos. Ang isang kaloob ng Diyos lamang ay . . . Ang isang kaloob ng Diyos ay nalalaman kung paano ipanatag ang iyong sarili, isantabi ang iyong sarili, upang makapasok ang Diyos at magamit ka. Hindi ito isang bagay na napasa kamay mo, na ipantatarak mo kung saan-saan. Basta isantabi mo lamang ang iyong sarili, at hayaan ang Espiritu Santo na gamitin ka. Ngayon, ha, hindi nga ba’t ganyan ang ginagawa ninyong mga tao kapag nagsasalita kayo sa iba’t ibang wika, kayong mga Pentecostal? Basta isantabi n’yo lamang ang sarili ninyo.

<sup>205</sup> Buweno, ganong ding bagay dito ngayon. At kung ipagkakaloob Niya ito, sasampalatayanan n’yo ba ito at tatanggapin ito, nababatid na naririto ang Kanyang Presensiya? Hindi na kayo mangangailangan pa ng prayer card kung ganong.

<sup>206</sup> Paano naman ang tungkol sa—sa Hukom ng Mga Langit at lupa, gaya ng itinawag sa Kanya ni Abraham, “Hukom ng Langit at lupa, gagawa Ka ba ng mali?” Kita n’yo? Kung Siya, sa mga huling araw na ito, ayon sa Kanyang pangako ngayon . . . Sa buong linggo, magpapatuloy lamang kami sa paghahagis ng Kasulatan diyan, na ipinakikita sa inyong iyan ay Katotohanan. At kung naririto Siya na kasama natin, sa gabing ito, nang

napakalinaw na makikita ninyo ang Kanyang mga gawa at mabatid na naririto Siya, bilang ang Kanyang ipinangakong Salita; hindi isang kung anong mahiwagang bagay, kundi kung ano ang ipinangako ng Kanyang Salita na magiging Siya; kung gayo'y sampalatayanan n'yo Siya.

<sup>207</sup> Ngayon, hindi ko alam sa ngayon. Minsan, kapag dumarating ang mga pangitain, pagkatapos ito'y...Hindi ko na masabi kung ano'ng sinasabi ko; kaya hayaan ang—ang mikropono, at anuman ito, maging sino man ang narito, pakilakasan ito. Gusto kong maging lubos kayong mapitagan sa ilang sandali lamang.

<sup>208</sup> Ngayon ito ba ang—ang binibini? Ngayon, narito, nagkataong isa itong babae, kung ano ang sinasabi ko pa lamang, sa San Juan 4, isang babae at isang lalaki na nagkita sa kauna-unahang pagkakataon sa buhay. Lubos akong estranghero at lubos tayong estranghero sa isa't isa. Kung tama 'yan, kung gayon nga ay itaas mo ang iyong kamay, hayaan ang mga tao na makita (kita n'yo?) na talagang hindi pa natin nakikilala ang isa't isa sa buhay. Nariyang nakatayo ang babae, heto ako, talagang isang ganap na bagay ng ating...Hindi ikaw ang babae doon, at hindi ako ang Panginoon, subalit ito—ito'y dalawang tao na nagkatagpo dito, gaya lamang ng munting lugar na nagkatagpo sila, sa unang pagkakataon sa buhay. Ngayon, kung Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, marahil ay makikipag-usap Siya sa iyo sandali, kita mo, gaya ng ginawa Niya sa babae. Kita mo? Ngayon, ang Ama...

<sup>209</sup> Noong isang araw, noong, kamakailan noong si Kapatid na Borders dito ay, nagkaroon kami ng anim na raan at iba pang mga paanyaya dito sa Estado, bukod pa sa ibayong-dagat. Sabi niya, "Baton Rouge, Louisiana, may isang pangkat ng mga tao doon."

<sup>210</sup> Sabi ko, "Sige, ayos 'yon, ihanda na ang pagtitipon doon." Nadama kong gawin 'yon. Heto nga ako. Ngayon hindi ko alam kung ano ang susunod. Basta narito lang ako. Iyan lang ang alam ko. Kita n'yo?

<sup>211</sup> Ngayon narito ka nga, isang tao. Ipinapangaral ko ang Salita, sinasabi na, "Hindi Siya patay. Buhay Siya." Buhay Siya, at ipinangakong ipakikilala ang Kanyang Sarili sa ating katawan, sa katawan ng tao, gaya ng ginawa Niya noon doon. Kita n'yo? Ang kabuuan ng Diyos, ay Kanyang ibinuhos kay Cristo; ang kabuuan ni Cristo, ay ibinuhos sa Iglesia. Iyon Siya, si Cristo na nasa atin. Ngayon kung bumangon ang Panginoong Jesus mula sa mga patay...

<sup>212</sup> At dadalhin kita dito at papatungan ka ng mga kamay, at gaya marahil ng ilang kapatid nating ebanghelistang, na talaga namang wasto ito, at papatungan ka ng mga kamay, sasabihin, "Wala na ang sakit mo. Pinagaling ka na ng Panginoon." Ayos



lamang iyon. Makakaalis ka na. Ayos 'yon. Talagang iniindorso ko 'yan, nang isandaang porsiyento. Iyan ang sinabi ng Biblia.

213 Pero ngayon paano kung tumayo Siya dito at sabihin sa iyo ang isang bagay na nagawa mo, o isang bagay na hindi mo dapat ginawa? Kung nalalaman Niya ang pinagdaanan mo, at sabihin sa iyo kung ano ang pinagdaanan mo, at alam mo kung totoo iyon o hindi, kung gayon kung sasabihin Niya sa iyo kung ano ang magiging kinabukasan mo; kung tama 'yon, magiging tama rin ito. Tama ba? Nangangahulugan itong Siya nga iyon, nakita mo. Ngayon sinasabi ko lamang 'yan upang kaugnayin ang espiritu mo. Kita mo, gaya lang ng ginawa Niya doon sa babae sa balon, "Dalhan mo Ako ng mainom."

214 Ngayon may isang bagay na gusto kong mapansin ninyo ngayon. Masdan ang babae, masdan ang pagbabago ng ipinahihiwatig sa kanyang mukha, ngayon-ngayon lang. Kita ninyo? May kamalayan siya na may kung anong nagaganap. Ilan na ba ang nakakita sa larawan ng Liwanag na iyon? Kita n'yo, Ito'y nasa babae na mismo ngayon, kita n'yo. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Ito'y. . . Nakikita n'yo ba Ito diyan? Para Itong isang kulay baga na Liwanag, na kumikilos. Ngayon ang sakit niya ay heto. . .

215 Ngayon kung kaya kitang pagalingin, ay gagawin ko nga, pero hindi ko kaya. Hindi kita kayang pagalingin. Ang Diyos ang tagapagpagaling; ang pananampalataya mo sa Diyos.

216 Labis kang ninenerbiyos. Pinahihirapan ka ng kalagayan sa nerbiyos, at saka mayroon kang kung anong problema sa lalamunan mo. Halos hindi ka na makapagsalita, mas malakas lang nang kaunti sa bulong. Sa thyroid gland ito. Siyanga. Ngayon sumasampalataya ka na ba? Ngayon saglit lang, para lang hindi sila mag-isip na hinuhulaan ko ito, saglit lang, kita mo. Ako, oo, sinasabi ko ito para hindi mag-isip ang mga tao. . . Isa kang mabuting tao, at nakaugnay kong maigi ang Espiritu Santo, sa iyo, kita mo. Kaya, ngayon, oo, pinayuhan ka na operahan, pero tinanggihan mo ito. Tama ngang talaga iyan. Inaasahan mo ang Diyos. . . Siyanga, po.

217 Isa pang bagay, mayroon kang kalagayan sa asthma na nakakagambala sa iyo. Tootoo 'yan. Hindi ba? Ngayon, nakita mo, may Isang Bagay dito na nakakakilala sa iyo. Di ba't tama 'yon? Sumasampalataya ka bang Siya iyon? Kung gayon ay sampalatayanan mo nga ito, at bumaba ka sa entablado, at gumaling na. At sumampalataya ka nang buong puso mo. Amen. Sumasampalataya ka na ba ngayon nang buong puso mo? "Kung kaya mong sumampalataya!"

218 Kumusta ka, ginoo? Isa akong estranghero sa iyo, sa palagay ko. Kung tayo. . . [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Nakita na kita nang minsan dati, sa Baton Rouge."—Pat.] Ikaw, nakita mo na ako noong pumunta ako dito dati, sa Baton Rouge. Naku, may

katagalan na iyon, hindi ba? Sa palagay ko’y labindalawang taon na iyon, o higit pa, mas matagal pa marahil, at marahil ay labing-apat na taon na. Buweno, hindi ko malalaman kung ano, walang anumang tungkol sa iyo, wala na maliban sa naroon ka sa pagtitipon, o ganoon, pero kilala ka ng Diyos.

<sup>219</sup> At isa itong Liwanag. Kailangan ko Itong bantayan, tingnan kung saan Ito pupunta, kita n’yo, sa iba pang mga tao. Iyon, Ang pahid. Ngayon kung ang Panginoong Jesus ay...Heto nga... Ako—sa tingin ko ang huling tao ay isang—isang babae. Ngayon para lamang itong isang panaginip, nakita n’yo, nanaginip ka ng isang bagay.

<sup>220</sup> Ngayon, ngayon isa kang lalaki. At noon ngang makita ni Jesus ang isang lalaki, si Simon Pedro, nang ipakilala Niya ang Kanyang Sarili. Ang pangalan nito ay Simon, dati. Kanya itong tinawag na Pedro. Sinabing ang pangalan nito ay magiging, pagkatapos niyon, ay tatawaging Pedro. Kung sasabihin sa akin ng Panginoong Jesus kung ano ang sakit mo, maniniwala ka bang lingkod Niya ako, at sasampalataya na naririto Siya?

<sup>221</sup> Sasampalatayanan din ba ng bawat taong naririto ang siya ring bagay? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kilala ka marahil dito, dahil tagarito ka sa lungsod.

<sup>222</sup> May nakikita akong isang bagay, na para bang kinabahan ka sa kung ano. Iyon ay, oo, ito nga, dahil ito’y dugo, may kung anong problema sa dugo. Nagdurugo ka sa bituka. [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Amen”—Pat.] Tama ngang talaga ’yan. “Humahapdi rin ’yan diyang loob. Kita mo? Ngayon, totoo ’yan, hindi ba? [“Amen.”]

Ngayon sumasampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>223</sup> Sa ganoong paraan nga iyon gagawin ng Panginoon natin. Hindi nga ba’t ganoon Niya gagawin? Siya iyon na gumagawa nito. Hindi ba’t sumasampalataya ka dito? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Amen”—Pat.] Paano kung... Sinabi ni Jesus kay Simon kung ano ang pangalan niya. Paano kung sabihin sa akin ng Diyos kung ano ang pangalan mo, maniniwala ka ba sa akin? [“Amen.”] Buweno, ginoo. Lewis Carrie. [“Amen.”] Tama ngang talaga. Humayo ka sa iyong daan. Amen. Manampalataya ka sa Diyos.

<sup>224</sup> Sumasampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>225</sup> Ngayon isa akong estranghero sa iyo, kapatid na babae. Hindi kita kilala, hindi pa kita nakita kailanman, sa buhay ko. Isang babae ka lamang na nakatayo rito. Mas bata kaysa sa akin, ipinanganak na milya-milya ang pagitan, at mga taon ang agwat. Subalit Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Sumasampalataya ka ba riyan? [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Sumasampalataya ka ba na—diyan?

226 Ngayon, alam mo, nakatayo ka sa tabi ng isang lalaki, na kapatid mo rito, hindi maipadarama sa iyo ang ganyan. Alam mong mayroon ngang iba pang bagay, sa Presensiyang iyan, na talagang magiliw, mapagpakumbaba, maamo. Hindi ba’t tama? Kung iyan nga’y tama, para malaman ng mga tagapakinig, pakitaas lamang ang kamay mo para makita nila. Kita n’yo, nakatingin mismo ako sa kanya, nagpapaikot-ikot mismo sa kanya ang Liwanag na iyon.

227 Ang binibini ay nakatayo rito para sa iba pa. Hindi siya naparito para sa kanyang sarili. Para ito sa isang anak na babae. Siyanga. Naniniwala ka bang masasabi sa akin ng Panginoon kung ano’ng . . . Binabalak mong dalhin sa pagtitipon ang batang babaeng iyon. Pero ikaw—naniniwala ka bang masasabi sa akin ng Diyos kung ano’ng problema sa kanya? Sasampalataya ka ba at ipapatong iyang panyo sa kanya, at sasampalataya na gagaling siya? Ito’y nasa likod niya. Siyanga. Ganun nga. Humayo ka, sumampalataya ka na ngayon. Ipatong mo ’yan sa kanya, gagaling siya. Sige, sampalatayanan mo lamang iyon.

228 Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? “Kung kaya mong manampalataya! Ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kanila na nananampalataya.”

229 Kumusta ka? Estranghero tayo sa isa’t isa, sa palagay ko. Hindi kita kilala, hindi mo ako kilala, pero nakikilala tayong dalawa ng Panginoon, gayun nga na bilang lalaki at babae na nagkatagpo sa unang pagkakataon. Ngayon, sinabi ng ating Panginoon ang isang bagay na ’yon doon sa babae, at nanampalataya ang buong bayan. Hindi na nila . . . Hindi na Niya ito muli pang ginawa. Ginawa lamang Niya ito nang isang beses, at nanampalataya na ang buong bayan.

230 Ngayon huwag—huwag kang matakot. Walang anumang liligalig sa iyo. Tutulongan ka Nito, kita mo, dahil sa tingin ko’y hindi ka naman isang kritiko, o ikaw . . . ang pakiramdam ng ano . . . ang Espiritu ng Panginoon ay hindi papasok na gaya niyan. Isa kang mananampalataya, kaya wala kang dahilan para maalarma tungkol sa anuman.

231 Pinahihirapan ka ng isang—isang pagkapatid. Tama ngang talaga ’yan. At sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka riyan ng Panginoong Jesus? Papaano kung sasabihin ko sa iyo na may iba pang problema sa iyo, mapapatag ka ba nito para manampalataya? Mayroon kang bukol. Kung masasabi ko sa iyo . . . Wala ito sa pisngi mo. Nasa likod mo ito. Kung tama nga, kumaway ka. Sige, ngayon sumampalataya ka. Humayo ka, sumampalataya nang sapat, at gumaling.

232 Sumasampalataya na ba kayo ngayon, ang bawat isa sa inyo, nang buong puso ninyo? [Sinasiabi ng kongregasyon,

“Amen”—Pat.] Ngayon dapat ay makapagpabatid na iyan sa bawat isa na kayo’y nasa Presensiya ng Diyos. Siyanga.

<sup>233</sup> Ginoo, nananampalataya ka bang kayang lunasan ng Diyos ang arthritis na ’yan at pagalingin ka? [Sinabi ng kapatid na lalaki, “Opo.”—Pat.] Kung gayon, magpatuloy ka lamang sa paglalakad, na sinabi, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus.”

<sup>234</sup> Ngayon lumapit ka sa gawing ito, binibini. Nakikita kitang pinipilit na makabangon mula sa higaan, din, nang talagang dahan-dahan, arthritis, din. Kung sasampalataya ka nang buong puso mo, ay pagagalingin ka ng Diyos. Sumasampalataya ka ba dito? Sige, magpatuloy ka sa paglalakad, na sinabi, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus. Sinasampalatayan ko ito nang lubos, nang buong puso ko.” Sige.

<sup>235</sup> Halika, ginoo. Isang kalagayan ng pagkanerbiyoso, at mga gayong bagay, at prostate. At, arthritis, din; at ipatong mo ’yan sa kanya, sumampalataya ka nang buong puso mo. Nawa’y gumaling ka, rin. Ngayon ay magpatuloy lamang sa paglakad, na sumasampalataya sa Diyos. At magiging maayos ang lahat, kung masasampalatayan mo lamang ito. Sige.

<sup>236</sup> Halika sa gawing ito, binibini. Naniniwala ka bang lingkod Niya ako? Naniniwala ka nga. Sumasampalataya ka bang kayang pagalingin ng Diyos ’yang taglay mong sakit sa puso? [Sinabi ng kapatid na babae, “Oo.”—Pat.] Buweno, magpatuloy lamang sa paglalakad, na sinabi, “Salamat sa Iyo, Panginoon. Nagpapasalamat po ako sa Iyo sa pagpapagaling sa akin mula sa sakit ko sa puso.” Sige.

<sup>237</sup> Halika, ginoo. Sumasampalataya ka ba na ang nakikita mo ay siyang Katotohanan? Paano kung sinabi ko sa iyo na pinagaling na ’yang sakit mo sa tiyan, doon pa lang, at humayo ka’t kumain na ng hapunan mo, sasampalatayan mo ba ito? Sige. Humayo ka na, kumain ka na ng hapunan mo, magiging maayos ka na.

<sup>238</sup> Dapat kang. . . Nalulukuban ka; kanser. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos, at gagamutin ka? Sige, magpatuloy lamang sa paglalakad, na sinabi, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus. Sumasampalataya po ako nang buong puso ko.”

<sup>239</sup> Gayon din, isang nerbiyosong puso. Sumasampalataya ka ba na gagamutin ito ng Diyos at pagagalingin ito? Magpatuloy lamang sa paglalakad, na sinabi, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus,” at sampalatayan mo ito nang buong puso mo.

<sup>240</sup> Halika sa gawing ito, binibini. Tumingin ka dito. Ang pangunahing bagay sa iyo. . . May ilang bagay na problema sa iyo, isang pambabaeng sakit. Pero ang pangunahing bagay sa iyo ay ang sakit sa puso na lubhang gumagambala sa iyo. Sumasampalataya ka ba na gagamutin ito ng Diyos at pagagalingin ka? Magpatuloy ka lamang, na sinabi, “Salamat

sa Iyo, Panginoong Jesus. Sumasampalataya ako nang buong puso ko.” Sige.

<sup>241</sup> Halika, ginoo. May dalawa o tatlo kang mga bagay na problema sa iyo, mga kumplikasyon. Subalit ang pangunahing bagay sa iyo na nais mong ipanalangin ko, o hilingin, ay ang arthritis na meron ka. Tingnan mo ang arthritis. . . Magpatuloy ka lamang kumilos, na sumasampalataya, at hindi mo na kailanman kakailanganing dalhin pa ang tungkod na ’yan. Amen. Sampalatayanan mo ito nang buong puso.

<sup>242</sup> May sakit ka sa sikmura. Ang sanhi nito, nahawakan ka na nang mahabang panahon, isa itong kalagayan sa nerbiyos na dahilan ng pagkakaroon ng ulcer sa tiyan. Anuman ang inumin mo, na—na medyo parang kape o parang ganoon, nangangasim ito sa bibig mo at mga bagay na ganoon. Humayo ka, sumampalataya ka ngayon, at hindi ka na muli pang gagambalain nito. Pagagalingin ka ni Jesus Cristo.

<sup>243</sup> Halika, binibini. Sumasampalataya ka ba na si Jesus Cristo. . . Sandali lang. Sandali lang.

<sup>244</sup> Sumasampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang sinus na ’yan, ’yung nakaupo riyan, at pagagalingin ka mula sa sinus? Sinasampalatayanan mo ba ito, nang buong puso mo? Ang binibining nakaupo roon na nakasuot ng bestidang parang dama-rama ang disenyo. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos at magiging maayos ka na dito? Mayroon kang higit na pananampalataya kaysa sa inaakala mong taglay mo. Maayos na ito. Tapos na ito ngayon. Manampalataya ka.

<sup>245</sup> Ano sa tingin mo? Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos at magiging maayos ka na sa kalagayang nerbiyos na ’yan, ’yung nakaupo roon, ang lalaking iyon? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Opo, ginoo.”—Pat.] Siyanga, sinasampalatayanan mo ito? Ngayon Sino ang hinipo mo? Hindi ako ang hinipo niya. Siya ang hinipo mo. Iyon ang gumawa nito. Amen.

<sup>246</sup> Napasubasob ka sa iyong kandungan, at nagkakaroon ka ng problema sa mata mo. Lumalala na ang mga mata mo na hindi ka na halos makakilos sa paligid. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Sampalatayanan mo ito, at makakamit mo ito. Amen. Hinahamon kita na sampalatayanan ito.

<sup>247</sup> Sakit, ang sakit sa sikmura, ay kalilisan lamang sa iyo. Sinasampalatayanan mo ba ito? Ngayo’y magpatuloy ka sa iyong daan at magalak, at sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoon,” nawa’y gumaling ka na.

<sup>248</sup> Itong munting binibining nakaupo sa gawing ito, na nakasuot ng tila-berdeng bestida. Sinisikap mong mahipo ang isang bagay. Nananalangin ka. Sumasampalataya ka ba na

kayang sabihin sa akin ng Diyos kung para sa ano ang ipinananalangin mo? Na mawala na ang sakit sa apdong iyan, at sa tingin mo'y gagaling ka na? Ang binibini, na medyo may katabaan doon, na nakabestida, na malaki. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos mula sa sakit sa apdo, kung masasampalatayanan mo? Ipagkakaloob ito ng Diyos sa iyo, at makakahayo ka na at gagaling. Amen.

<sup>249</sup> Kailangan ninyo itong sampalatayanan. Magagawa n'yo lamang ito sa pagsampalataya ninyo. Ilan ba sa inyo ang nais na sumampalataya nang buong puso n'yo? [Nangagagalak ang kongregasyon—Pat.]

<sup>250</sup> Ngayon, “Mga ginoo, ibig sana naming makita si Jesus.” Bumangon Siya mula sa mga patay. Buhay Siya ngayon. Narito Siya sa Kanyang Iglesya, na ipinakikita na nalalapit na ang Kanyang Pagparito.

<sup>251</sup> Susunugin ang sanlibutan na gaya noong panahon ng Sodoma. Napagtipun-tipon na ang mga atom nang—nang maramihan at mga bagay-bagay, upang sunugin siya. At, subalit bago mangyari 'yon, ay darating ang ipinangakong Anak, Siya Mismo, si Jesus Cristo, upang Iuwi ang Kanyang Iglesya. Sinasampalatayanan n'yo ba iyan nang buong puso n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>252</sup> Sumasampalataya ba kayo na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen”—Pat.] Ilan na ang sumasampalataya ngayon na narito ang Kanyang Presensiya, at sumasampalataya kayo na sinabi Niya ang pahayag na ito, “Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ay magsisigaling ang mga ito”? Itaas ang inyong mga kamay.

<sup>253</sup> Ipatong ninyo ngayon ang inyong mga kamay sa isa't isa, kung nasaan ang mga taong may sakit, ipatong ang mga kamay ninyo. Oo, nahuli na ako, nangangamba akong baka ipapatapos na nila sa akin. Ipatong, ilagay ang mga kamay ninyo, ngayon manalangin kayo para sa isa't isa. Huwag kayong manalangin para sa sarili n'yo, ipanalangin n'yo ang pinapatungan ng mga kamay ninyo. Narito Siya ngayon upang pagalingin ang bawat isa sa inyo. Sampalatayanan n'yo ito!

<sup>254</sup> Makalangit na Ama, sumasampalataya po kami ngayon nang buong puso namin, na sa Presensiya ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, na ang diablo ay nawalan na ng kanyang kapangyarihan, ng kanyang impluwensiya, at si Jesus Cristo ay nabubuhay ngayon.

<sup>255</sup> Lumabas ka, Satanas! Gumaling nawa ang mga taong ito, alang-alang sa Kaharian ng Diyos.



*GINOO, IBIG SANA NAMING MAKITA SI JESUS* TAG64-0318

(Sir, We Would See Jesus)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Marso 18, 1964, sa Denham Springs High School sa Denham Springs, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)